Si Cristo ay Hayag sa Sarili Niyang Salita

Jeffersonville, Indiana USA
Agusto 22,1965

1 Iyuko natin ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, Pastor ng malaking kawan, napakalaki ng pagkakautang namin sa Iyo, Panginoon, at hinding- hindi Ka namin mababayaran sa pag-ibig na inilagay Mo sa aming mga puso. Ang pakiramdam namin ay hindi kami karapat-dapat habang nakayuko kami at nakatayo sa Iyong presensiya. Hinihiling namin sa Iyo na linisin Mo kami sa lahat ng aming mga pagkakamali at sa lahatng kasalanan. Dumadalangin kami sa Iyo para sa kalakasan ng aming katawan ngayon. Napakaraming may sakit at nagbabata, gaya nang ipinakikita nito, mgapanyo at mga kahilingang naipararating sa pamamagitan ng telepono at sa lahat ng dako.

At naniniwala kami na ipinipinid na namin ang kasaysayan ng sanlibutan ngayon, at hindi maglalaon ay kukupas na ang panahon sa kawalang hanggan, at nais naming maging handa para sa oras na iyon. At iyan ang dahilan at nagkakatipon kami sa umagang ito, ang makapaghanda para sa oras na iyon. At nabanggit sa akin na marami ang nakikinig sa telephone hookup sa umagang ito sa buong bansa, mula sa magkabilang dalampasigan. Saan man umaabot ang mga tinig namin, nawa'y mapagpala ang maliit na kalipunang iyon. Pagalingin Mo po ang mga maysakit sa piling nila. At dalangin ko na linisin Mo po ang kanilang mga kaluluwa sa lahat ng kasamaan. At tulungan Mo rin kami sa umagang ito dito sa loob ng tabernakulo nang sa gayon ay masiyahan din naman kami sa dakilang pribilehiyong iyon.

2 At hinihiling namin na mangusap Ka sa amin sa pamamagitan ng Iyong nasulat na Salita, at nawa'y ipahayag sa amin ng Espiritu ang mga pangangailangan namin, habang nagkakatipon kami sa buong bansa ngayon, na ang pakiwari namin ay napakaliit na kalipunan namin, datapuwat may bahagi kami sa mga tinubos, sapagkat naniwala kami kay Jesus Cristo.

Itulot Mo po ang mga bagay na ito sa amin, Panginoon, at sa pagwawakas namin ng gawain at sa pag-uwi namin sa aming mga tahanan sa buong bansa, masabi nawa namin ang tulad samga nanggaling sa Emmaus,"Hindi ba't nagalab ang ating mga puso habang nangungusap Siya sa atin sa daan?"

Ngayon, Ama, alam kong anuman ang sabihin ko ay totoong hindi makakasapat. Sa dami ng — ng mga butihing mga Cristiano na nakatuon ngayon sa buong bansa, hindi ito — hindi ito magiging sapat. Hindi po ang anumang masasabi ko ang makakatulong sa kanila, dahil pare-pareho lang kami ng kategorya. Kami'y mga tao lamang, mga mortal, datapuwat hayaan Mong ang dakilang Espiritu Santo ang mangusap; nawa'y hawakan Niya ang Salita at ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Naghihintay kami sa Kaniya ngayon, sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong maupo.)

3 Ako'y tila — nasurpresa rin ako; sinabi ko sa asawa ko, kung sakaling nakikinig siya sa Tucson,na sa palagay ko'y hindi ako magdaraos ng gawain sa pagbabalik ko; at ni hindi nga ako nagdala ng damit. At ang sabi ko sa manugang ko — pinalantsa niya ang amerikana ko — at ang sabi ko, ''Nakatayo ako sa pulpito nang . . . Hindi nila alam na hindi magkapares ang pantalon ko at ang amerikana ko." Kaya't ang mga isinusuot ko sa bahay . . . Subalit si Meda, pinalantsa na niya ang kamiseta ko at lahat na, kaya't kung sakaling — huwag na kayong mag-alala. Maayos na ang lahat.

4 Ngayon, ay may kahilingan tayo rito, na may isa raw tayong mahal na kapatid na lalaki . . . At sa palagay ko ay ang — ang Prescott, sa palagay ko ay nakakabit din sa umagang ito, doon sa — sa Prescott, Arizona. Ang ama ni SisterMercier ay patungo rito sa gawain, ayon sa pagkaunawako, at siya ay — kinailangan siyang dalhin sa ospital dahil inatake siya sa puso, si Brother Coggins. At gayon din si Brother Junior Jackson, sa palagay ko ay nasa kasunod na radyo siya roon — o sa kasunod na telepono doon sa Clarksville o sa New Albany, at ang ama niya ay nasa ospital, ayon sa pagkaunawa ko, at malubha siya gawa ng operasyong isinagawa sa kaniya dahil sa kanser sa atay. Kaya anupa't nais nating isama ang mga ito sa ating panalangin. At ngayon, mayroon pang iba rito, ngunit ayaw na nating gumugol pa ng oras. Alam ng Diyos ang lahat ng tungkol sa kanila, kaya't ipanalangin natin sila ngayon.

5 Mahal na Diyos, habang ang mahal naming kapatid, matanda na, kulubot na ang kamay, si Brother Coggins, isang matanda nang beterano sa larangan, ay — nakaratay doon sa ospital sa umagang ito saan man iyon, nagdurusa dahil sa atake sa puso, Diyos, ang kawawang pusong iyon ay dumanas ng napakaraming hirap. Dalangin ko, Diyos, na tulungan Mo siya. Itulot Mo po ito. Nais niya — Mahal sa kaniya ang buhay, gaya ng bawat isa sa amin, at nais pa niyang mabuhay. Panginoong Diyos, itulot Mo po ito. Kami sa buong bansa ay nananalangin sa Ngalan ni Jesus para sa kaniya, na pagalingin Mo siya at ilabas mo siya roon. Naniniwala kaming gagawin Mo ito, at siya ay — makararating dito sa gawain.

6 Dinadalangin namin si Brother Jackson, ang mahal niyang ama, na nakaratay doon halos mamatay na ngayon. At inilabas niya sa mundong ito ang isang butihing anak na lalaki na tulad ni Junior, at du — du — dumadalangin ako, mahal na Diyos, na pagalingin Mo siya. Batid kong pa — parang imposible na ito. Ang mga medico, ang mga doktor, hindi nila — malaman kung anong gagawin sa ganitong kaso . . . Datapuwat inaalala rin namin si Brother Hall, nang ang pinakamahusay na duktor dito ay nagsabi (doon sa Louisville) — ang sabi, "Ilang oras na lang ang itatagal niya," dahil may kanser siya sa atay, at buhay pa rin siya hanggang ngayon (at dalawampu't limang taon na iyon) dahil sa biyaya Mo. Kaya't dalangin

ko, na pagalingin Mo si Brother Jackson ngayon, Panginoon. Nawa ang biyaya't habag Mo ay sumakaniya.

At ang makapal na bunton ng mga panyong ito, at ang mga tela, at mga bagay bagay na nakalagay dito dahil sa mga kahilingan, alam Mong lahat ito, Ama. Dalangin ko na pagkalooban Mo silang lahat ng kagalingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

7 Ngayon. bilang panimula sa umagang ito, hindi ko akalain na makakaparito ako, unang una, noong nakaraang Linggo. At muli, nang ipaanunsiyo namin iyon, ay pumarito ako. Pinagsalita ako ni Brother Neville, at pagkatapos ay inanunsiyo na ako'y mapaparito sa araw na ito, at hindi pa ita naipapaalam sa buong lalawigan sa mga tao. At mayroon tayo nitong sistema sa telepono ngayon, na napakaganda. Magagawa ng mga taong maupo sa kanikanilang mga tahanan o kaya'y — magtipon sa kanilang mga lugar, sa mga simbahan nila, at sa iba pa, at makinig sa gawain. Pinagpapahalagahan ko iyan.

8 Ngayon, ay nakikita kong nakapatong dito, napakaraming nagging kahilingan noong nakaraang Linggong tungkol sa mensaheng . . . sa wari ko'y — nakalimutan ko na kung ano ang ipinamagat ko roon ngayon. Datapuwat may binanggit ako tungkol sa pagbabayad ng utang. At alam n'yo, kahit ano ang sabihin n'yo, laging namamali ang marami ng pagkaunawa, hindi dahil sa sila'y — ayaw nilang magkamali ng pagkaunawa, pero talaga lang namamali ka ng pagkaunawa rito. At ngayon, may nagsabi, "Dapat ba kaming bumili ng kotse?" o kaya'y, "Ano ba ang dapat kong . . ." Ngayon,hindi iyan ang tinutukoy ni Jesus, o ng Biblia doon, na ang sabi, "Huwag kayong magkakautang kanino man." Iyon ay ang mga matagal n'yo nang pagkakautang na kaya n'yo namang bayaran. Bayaran n'yo ang mga iyon. Huwag n'yong . . .Huwag kayong magkakautang kanino man. Hindi ibig sabihin . . . Naku, eh, kami man ay may utang na mga bayarin, bayarin sa telepono, kami'y — at marami pang iba. U—utang natin ang mga bagay na iyon, at binabayaran natin ang mga iyon. Datapuwat ang matagal nang pagkakautang na maaarimo namang bayaran, bayaran n'yo iyon. Kita n'yo? Ngayon, huwag kayong papayag na may naiiwan kayong mga ganoong pagkakautang.

9 Naaalala ko pa nang magkasakit ako noong bata pa ako. Lumabas ako sa ospital na ang utang ko ay dalawang libong dolyar. At may botika roon noong araw, si G. Swaniger, nagkautang ako sa kaniya ng mga tatlo o apat na raang dolyar sa gamot. Hindi niya ako kilala, at siya . . . pinuntahan ko siya. Hindi ko siya kilala, at kahit nga ganoon ay ipinadala pa rin niya ang mga gamot ko roon, hindi siya tumangging ipadala iyon; at ang sabi ko, "May utang ako sa iyo." At ang sabi ko . . . wari ko'y hindi Swaniger, kundi si G. Mason iyon doon sa kanto ng Court Avenue at Spring. At ang sabi ko, "May utang ako sa iyo. At ma — mahina pa ako sa ngayon, ngunit nagsisikap akong makapagtrabaho. Ngayon, kung hindi kita mababayaran . . . " Bagong Cristiano pa lang ako noon; ang sabi ko, "Una sa lahat, G. Mason, bilang tungkulin ko sa Diyos, utang ko sa Kaniya ang ikapu ko. Nais ko muna Siyang bayaran ng mga ikapu ko." At ang sabi ko, "Pagkatapos, ang kasunod na katungkulan ko ay ang bayaran ko ang mga utang ko." At ang sabi ko, "Sakitin ang ama ko at siya ay — at kami'y . . . Sampu kaming magkakapatid." Ngunit ang sabi ko, "Ako'y . . .kung hindi kita magawang bayaran ng higit pa sa beinte singko sentimos sa pagkakautang kong iyan tuwing suweldo. . .Kung hindi man kita magawang bayaran ng beinte singko sentimos, dadaan ako rito at sasabihan kita, sasabihin ko sa iyo, 'Hi — hindi muna kita mababayaran sa ngayon.'" Ngayon, sa tulong ng Diyos ay nabayaran ko nang lahat iyon. Kita n'yo? Datapuwat iyon ang gusto kong sabihin. Kita n'yo?

Huwag lang ninyong . . . May nagsabi . . .

10 .Oh, may isang Cristiano rito sa iglesia minsan ang lumabas at nagpagawa ng sasakyan dito, at nagpunta rito ang taong iyon . . . Ang sabi ng taong iyon, "Babayaran kita , kaya lang ay sa Sabado pa ako susuweldo," gano'n yata ang sabi, at hindi niya siya binayaran. At lumipas ang maraming linggo, at hindi talaga siya nagbayad, at wala rin siyang sinasabi. At — at naparito ang taong iyon at tinanong ako, ang sabi niya . . . Kita n'yo, ang iglesia ang napupulaan. Si Cristo ang napupulaan. Kung hindi ka makabayad, puntahan mo siya at magsabi ka, sabihin mo,"May utang ako sa iyo, at babayaran kita. Cristiano ako, lamang ay hi — hindi ko pa talaga — kayang magbayad ngayon, ako'y ...ganito ang utang ko sa iyo." At alalahanin n'yo, nakalista rin sa libro ng Diyos, alam mo, na may utang ka sa kaniya. Kaya't iyan ay . . . Nagsisikap ako para sa aking sarili at para sa ating lahat, maging handa nawa tayo, dahil alam nating napipinto na tayo sa isang bagay, malapit na malapit na tayo sa isang bagay na magaganap. Kaya't nais nating maging handa. Ngayon at ang pagdating ng Panginoon ay totoong nalalapit na, nais nating maghanda para sa oras na iyon.

11 Ngayon, nais nating maghanda at mangusap ngayon ng isang maikling paksa rito na pinili ko sa umagang ito sa tulong ng Panginoon. At iiklian lang natin hangga't magagawa natin, gawa ng naka-hookup ang mga tao. Umaasa akong lahat kayo ay may — sa buong bansa, may isang magandang umaga gaya namin dito sa Indiana. Maganda, malamig, kaaya-ayang panahon, ang nasa amin dito ngayon mula nang huling umulan, at napakainam nito.

12 Ngayon, nais kong bumasa mula sa Aklat ng mga taga-Hebreo, sa unang kabanata, at sa Aklat ni San Juan sa unang kabanata. Hebreo 1:1-3 at San Juan 1:1 para sa isang teksto. Ang paksa ko sa

umagang ito ay isang pagaaral sa Mga Kasulatan. Ngayon, basahin natin ang Hebreo 1:1: Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon . . . sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, At nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang anak, na kaniyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya y ginawa ang sanlibutan; Palibhasa' y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at. . . tunay hayag na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan ng kaitaasan; Napakagandang pagbasa. Ngayon, sa San Juan 1:1: Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa-Dios at ang Salita ay Dios.

13 Ngayon, ang teksto ko sa umagang ita ay: Si Cristo ay Hayag sa Sarili Niyang Salita. Ngayon, kaya ako nakabuo ng kongklusyon upang mangusap tungkol dito, ay dahil sa . . . Nalalamang ang anumang sabihin natin ay hindi natin dapat basta lang sinasabi dahil lang sa nagkatipun-tipon tayo rito para lang makapagsalita tungkol sa kahit anong paksa nang hindi gaanong pinagiisipan, kundi dapat ay makatulong ita sa pagpapatibay sa mga tao, dahil daraan tayo sa mapanganib, at mapandayang karagatan. Naglalayag na nga tayo sa ibabaw ng mga iyon ngayon. At magkaminsan, sa palagay ko ay gaya rin ng nangyayari sa inyo ang nangyayari sa akin, na minsan ay para bang napakarami ng mga iyon, talagang nakakatakot.

14 Kausap ko pa lang ang isang batang ministro at ang kaniyang asawa doon sa loob ng silid ilang minuto pa lang ang nakararaan. At kapuwa sila nininerbiyos gaya ng iba pa sa sanlibutan — ng iba pang taong nabubuhay sa ibabaw ng lupa. Ang sabi ko, "Tandaan mo, may parating na suntok si Satanas sa iyo." Kahit sino ka pa, ang Diyos . . . May karapatan siya sa isang suntok na iyon. Alin ba ang pipiliin mo, ang suntok na iyon, ang mabulag ka, o ang magka-rayuma ka at maupo sa isang upuan, o maging nerbiyoso ka? Kita n'yo? Mayroon at mayroong isang bahagi ng buhay mo na tatamaan ng suntok niya. May karapatan siya sa bukas na dakong iyon. Ngayon, iyon ang dakong dapat ay lagi mong binabantayan.

At kapag nakikita natin ang nakanenerbiyos na panahong kinabubuhayan natin . . .

15 At ang mga teyp noong nakaraang linggo, sa palagay ko, ay makapagpapahayag sa inyo ng mga kakila-kilabot na mga bagay, na tatalakayin natin isa sa mga araw na ita kapag nakakuhatayo ng isang lugar na sapat ang laki, tungkol sa pagbubukas na iyon ng mga huling salot na ibubuhos sa ibabaw ng lupa — ang mga Mangkok na iyon, pala, ang pagbuhos ng mga Mangkok na iyon, at ang Pitong Kulog . . . At ang mga kakila-kilabot na mga pangitain na darating dito sa ibabaw ng lupa . . .

Ang tao ngayon, at ang mga bansa sa araw na ito ay lipos ng pangamba, ang buong mundo . . .

16 Basahin n'yo ang labas ng Reader's Digest noong nakaraang buwan, pansinin n'yo ang paksa roon; tungkol iyon kay Billy Graham, ang dakilang ebanghilista. Masyado na siyang napagid hanggang sa hindi na siya makapagdaos ng mga gawain, at nagtungo siya — siya sa Mayo's Clinic para sa isang pisikal na pagsusuri. At pinatakbo nila siya — pisikal na ehersisyo. Tumatakbo siya ng isang milya araw-araw. At pagkatapos ay inihayag pa ng sulatin na napatunayan ng agham na ngayon, ang mga kabataan, ang mga batang lalake at babae, ay umaabot na sa gitnang-gulang pagsapit nila ng dalawampung taong gulang. At pagdating nila ng dalampu't lima, kadalasan ay lumalabas na sa menopause, sa gulang na dalawampu't lima. Ewan kung alam n'yo ito o hindi, ngunit ilang gabi na ang nakalilipas habang ang Espiritu Santo ay nangungusap ditto sa Gawain, ay may isang maliit na batang babae na nakaupo rito; iyon nga ang dipirensiya ng bata ng tawagin siya Nito. Tiningnan ko siya sa ikalawang pagkakataon, at tiningnan ko siyang muli, at nakita ko kung ano ang problema. Sa loob-loob ko, "Hindi maaaring magkagano'n; napakbata pa ng bata iyon." Datapuwat iyon na nga iyon, menopause — mga dalawampung taong gulang, dalawampu't tatlo, mga gano'n. Kita n'yo?

17 Ang nanay ko at ang nanay mo ay dumating sa estadong iyan nga mga apatnapu't lima hanggang limampung taong gulang. Dumating ang asawa ko sa estadong iyan sa gulang na tatlumpu't lima. Ngayon, ay dalawampu na lamang. Ang buong sangkatauhan ay bulok na. Buweno, kung ang mga pisikal na bahaging iyon n gating katawan ay nasisira ng gayon, dahil sa pagkain natin ng mga pagkaing hybrid, mga tensiyong bumubulok ditto, hindi kaya binubulok din nito ang mga selula ng utak? Kung gayon ay mauunawaan na natin kung bakit nagagawa ng mga babae ngayon ang lumabas sa kalsada nang nakahubad. Mauunawaan natin kung bakit nila nagagawang humagibis sa mga — sa mga lansangan nang isandaan at dalawampung milaya bawa't oras ang tulin, at lahat ng mga bagay na ito. Umabot na ito sap unto kung saan ang buong bansa, ang buong mundo, hindi lang sa bansang ito, kundi sa lahat ng dako, wala na ang pag-iisip.

18 At pagkatapos, kapag binuksan na natin ang mga iyon, kung loloobin ng Panginoon, sa Pitong Mangkok na iyon at naipakita natin ang mga nakakilakilabot na mga bagay na iyon . . . Mababaliw na ng lubusan ang mga tao, makalipas lamang ang ilang panahon, hanggang sa maguguniguni nila na nakakakita sila ng mga langgam na sinlaki ng mga bundok. Pahihirapan nila ang mga babae, may mga balang na

aahon sa lupa na mahahaba ang buhok upang pahirapan ang mga babaeng naggugupit ng buhok nila, ang buhok nila'y tulad sa mga babae na nakalugay, at mahahaba ang pangil tulad ng leon, may panusok sila sa kanilang mga buntot gaya ng alakdan, at iba pa, upang pahirapan ang tao sa ibabaw ng lupa. Subali't magiging huli na upang may magawa pa tungkol dito. Isaayos na ninyo ang buhay n'yo ngayon. Kiya n'yo? Pahihirapan . . .

19 At nung nakaraang Lingo habang tinatalakay natin ang mga siklong iyon kung paanong ang limang pandama sa panlabas na rehiyon . . . Iyon ang pasukan, ang limang pandama ng katawan. Isa lang ang paraan para ka makapasok sa katawan, iyon ay sa pamamagitan ng limang pandamang iyon: Piningin, panlasa, pandama, pangamoy, at pandinig; wala nang iba pang paraan para magkaugnay ang — ang katawan.

Sa kalooban ng isang tao ay may isa pang tao na kung tawagin ay espiritu. At mayroon din siyang limang pandama: Ang pag-iisip — ang isipan, at isipan, at pag-ibig, at konsiyensiya, at iba pa. Tama.

Ngayon, hindi ka nag-iisip sa pamamagitan ng iyong katawan; nag-iisip ka sa pamamagitan ng iyong diwa. At dito tumitigil ang napakaraming Cristiano. At maaari silang, tulad ng mais sa bukid at ng damo sa bukid, ay maaari din silang mapahiran ng siya ring Espiritu Santo na pumapahid sa tunay na mananampalataya. Ngunit sa loob ng kasunod na rehiyong iyon, ang ikatlong rehiyon, ay ang kaluluwa; at iyon ay itinalaga ng Diyos. Doon nakahimlay ang tunay na binhing-buhay, sa loob no'n.

At alalahanin, kung kukuha ako ng amorseko at bubuksan iyon ng kutsilyo, ilagay mo roon ang buhay ng isang — ng isang trigo at ilagay mo iyon doon sa loob, ibaon mo iyon sa lupa, magpapalitaw ito ng trigo na mula sa isang amorseko, kahit pa ano ang nasa labas, o kung ano man ang mga emosyon.

20 Ngayon, litung-lito sila sa ebidensiya ng Espiritu Santo at sa iba pa. Magagaya ni Satanas ang anumang uri ng kaloob na nasa Diyos, datapuwat hindi niya maaaring dalhin ang Salita, nang salita-sa-salita. Doon siya nabigo sa Hardin ng Eden; doon siya lagi nabibigo. Diyan ang sila . . .Ang teyp tungkol sa mga bulaang pinahiran, o mga pinahiran . . . Maaari silang pahiran ng Espiritu, magsalita ng ibat-ibang wika, magsayaw, sumigaw, mangaral ng Ebanghelyo, at isa pa ring diablo. Ang nasa loob ang mahalaga. Ngayon ay alalahanin, ang sabi ni Jesus, "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama, ay lalapit sa akin. Walang sinumang makalalapit malibang palapitin muna siya ng Ama." Ngayon, dinaanan natin ang araling ito upang maipakita na sa — ikaw ay nasa iyong kanunu-nunu-nunu-nunuan na noon, sa pisikal. Kung gayon iyan ka sa iyong kalagayang pisikal, ang iyong kalikasan. Minsan ay may ipinapanganak sa isang pamilya na mapula ang buhok. Magtataka ang ama, dahil wala naman siyang kakilalang kamag-anak niya na mapula ang buhok, o maging ang panig ng ina. Ngunit kung babalik ka nang maraming salinglahi, matutuklasan mo na mayroon palang mapula ang buhok sa lahing iyon. Ang binhing iyon ay nagpasalin-salin, at naparito ka sa kalikasan ng isang taong matagal nang panahong nabuhay. Gaya ng — sa Mga Taga-Hebreo, kabanatang 7 ay nagsabi, na si Melquisedec . . . Nagbayad ng ikapu si Abraham, pala, nang makatagpo niya si Melquisedec.

21 Ngayon, ganito rin ito: Kung ikaw ay isang anak ng Diyos, at kung ako ay isang anak na lalaki ng Diyos, o anak na babae ng Diyos, naroon na tayo sa Diyos sa pasimula. At nang si Jesus ay maging ang Kabuuan ng Salita, kung gayon ay nasa Kaniya na tayo, sa anyong binhing-lahi. Nang ipako Siya sa krus, naipako tayo sa Kanyang katawan. Nang magbangon Siya sa mga patay ay nagbangon tayong kasama Niya. At ngayon, dahil sa nakilala natin ito, ngayon ay nakaupo na tayong kasama Niya sa sangkalangitan kay Cristo Jesus. Kita n'yo? Sapagkat Siya . . . Tayo, kung tayo'y mga anak na lalaki at babae ng Diyos, tayo'y mga supling ng Diyos, kung gayon tayo ay mga katangian ng Diyos. Kung gayon tayo ay — mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan. Kung gayon ay nasa Kaniya na tyo mula pa sa pasimula. At nang si Jesus ay maging kapuspusan ng Salitang iyon, Kung gayon ay bahagi Niya tayo noon. Amen! Hayan ka na. Kung naroon iyon, walang Diablo, walang mga kapangyarihan, walang kahit anong maaaring tuminag doon. Iyon ang posteng-ikitan ng kaluluwa.

Maaari kang mapahiran dito sa espiritu, at magnanasa ka, at gagawa ng lahat ng ibang mga bagay na ito, ngunit pagdating dito sa posteng-ikitan ng Salita, hindi ka maaaring matinag doon. Hahawak itong matibay at tapat sa Salitang iyon nang walang sala. Sa labas niyan, kahit ano pa ang gawin mo, ligaw ka parin.

22 Ang Kapanahunang iyon ng Iglesiang Laodicea, hubad, bulag, kahabaghabag, at ni hindi niya nalalamang ganon siya. Kita n'yo, hindi ito — may pahid ito, may pahid ng tunay na Espiritu. Kita n'yo, ang Espiritu Santong iyon ay maaaring mapasa isang tao sa kaniyang espiritu, datapuwa't ang kaluluwa niya ang kaniyang binhing-lahi. Ang binhing-lahing iyon ay ang Salita. Kitan'yo? At gaano . . . Kahit gaano ka pa mangaral, gaano mo man kahusay gawin ang bagay na ito, o kung gaano ka man nagmamahal . . . Isa iyan sa pasukan ng espiritu. Hindi ka maaaring magmahal sa pamamagitan ng iyong katawan; nagmamahal ka sa iyong espiritu. Isa iyan sa mga pasukan. At magagawa mong magmahal, at maaari ka pa ngang magmahal sa Diyos, at hindi ka pa rin matuwid. Maaari kang magpalayas ng diablo, at mangaral, at gumawa ng mga bagay na ito, at hindi ka pa rin matuwid. Sinabi iyan ni Jesus; ang sabi'y

marami ang magsisilapit sa araw na iyon. Ang Salita ang tumatapos nito. Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa-Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin, . . .

23 Pansinin. Mangungusap ako sa paksang ito ng Biblia, Si Cristo ay Nahahayag sa Sarili Niyang Salita. Nabuo ko ang kongklusyong ito sa loob ng aking silid. May isang butihing tao (marahil ay nakaupo siya rito sa umagang ito) . . . Mayroon akong larawan na nakasabit sa aking silid aralan doon sa itaas, iyon ay ang larawan ng ulo ni Cristo na iginuhit ni Hoffman na isinulat sa Beatitudes: At pagdating mo sa isang lugar na kailangan mong iguhit ang bahagi ng buhok, idinidiin nila nang kaunti ang panulat habang dumaraan ka sa bahaging iyon. Kaya naroon Siya, nakapatong sa Kaniyang Salita nakatingin sa malayo. Si Cristo sa Beatitudes. Sa taong iyon, kung sino ka man, pinasasalamatan kita para ro'n. At may nagdalang larawang iyon at isinabit iyons a aking silid doon, larawan ni Elias na pumapaitaas lulan ng karuwaheng apoy. Pinahahalagahan natin ang mga bagay na ito. Kadalasan, dahil sa dami ng tao, ay hindi ako nagkakaroon ng pagkakataong mangusap at sabihin ang mga bagay na ito, ngunit nakikita ko ito, Brother, Sister. Na — nalalaman ko ito. Nalalaman ito ng Diyos.

Ngayon ay mangungusap ako sa paksang ito ng, Si Cristo ay Nahahayag sa Sarili Niyang Salita. Kung paanong sa Beatitudes ay naroroon ang larawan ni Cristo, na nakalutang. Gaya ng . . . Doon ko naisip ang paksang ito.

Ngayon, si Cristo at ang Salita ay iisa. Kita n'yo?

24 Ang sabi nila, "Paanong ang Biblia. . .?" Ang sinasabi ng mga tao . . . Nakasakay ko ang isang lalaki hindi pa katagalan. Ang sabi niya, "Isipin mong maigi. Naririto tayo sa ibabaw ng lupa, nang ganito, at ang alam lang natin o masasabi natin na ligtas tayo dahil lang sa isang pabula ng mga Judio na tinatawag na Biblia." 34 Ang sabi ko, "Ginoo, hindi ko alam kung paano mong nasasabi iyan, ngunit hindi ako naniniwalang isa lamang iyong pabulang Judio." Ang sabi ko . . . Ang sabi niya, "Buweno, nananalangin ka . . . Sa ano ka ba nananalangin? Humiling ako ng ganoo 't ganito at ng mga bagay-bagay; hindi ko naman nakamit."

25 Ang sabi ko, "Mali ang paraan ng pananalangin mo. Hindi dapat tayo manalangin para baguhin ang isipan ng Diyos; dapat ay manalangin tayo upang mabago ang isipan natin. Hindi kailangang baguhin ang isipan ng Diyos.(Kita n'yo, kita n'yo?) Wasto na iyon." Ang sabi ko, "Hindi ang ipinananalangin mo. . ." May kilala akong isang batang lalaking Catolico noon na — may aklat- dasalan siya at nagdadasal siya at ang kaniyang — para mabuhay pa ang kaniyang ina. At namatay siya, kaya itinapon niya ang aklat-dasalan niya sa apoy. Buweno, kita n'yo... hindi ako sang-ayon sa aklat-dasalang iyon, ngunit gayon pa man ... Kita n'yo, mali kasi ang asal n'yo. Tinuturuan n'yo kasi ang Diyos kung ano ang dapat gawin. Dapat ang panalangin ay, "Panginoon, baguhinMo ako upang umangkop ako sa Iyong Salita," hindi para baguhin — hindi, "Hayaan Mong baguhin ko ang isipan Mo, kundi, baguhin Mo ang isipan ko. (Kita n'yo?) Baguhin Mo ang isipan ko upang umayon sa kalooban Mo, at ang kalooban Mo ay nakasulat sa Aklat na ito. At Panginoon, huwag- huwagmo akong paaalisin hanggang sa maisaayos Mo ang aking — ang aking isipan nang tulad sa isipan Mo. At kung ang isipan ko ay katulad na ng isipan Mo, magagawa ko nang paniwalaan ang bawat Salitang isinulat Mo. At sinabi Mo roon na lahat ng bagay ay paglalakip-lakipin Mo sa ikabubuti ng mga nagsisi-ibig sa Iyo, at iniibig Kita, Panginoon. Lahat ng ito ay nagkakalakiplakip para sa ikabubuti."

26 Nasa lalawigan ako nitong linggong ito at tumitigil sa ilang mga matalik na kaibigan. Tinanong ko ang ilan sa kanila sa mesa kahapon habang kumakain kami . . . Lagi kaming nauupong magkakasama at nagdaraos kami ng maikling pag-aaral tungkol sa Biblia. Nag-uusap kami tungkol sa pag-ibig. At may isang tao na nagsabi sa akin, ang sabi niya, "Ang paniwala ko ay isa kang anticristo."

Ang sabi ko, "Kung iyan ay makalulugod sa aking Panginoon, iyan ang nais kong maging. Nais kong maging anuman ang nais Niya para sa akin. Mahal ko Siya. At kung ibubulid Niya ako sa impiyemo, iibigin ko pa rin Siya, kung ako'y paroong taglay ang espiritung ito na taglay ko ngayon." Tiningnan niya ako na para bang takang-taka siya. Nakita ko ang apat o lima sa kanila roon, mga kabataang lalaki, mga bata pa rin ang mga asawa nila, mga butihing kababaihan. Alam ko kung gaano kamahal ng mga lalaking iyon ang kanikanilang mga asawa, kaya ang sabi ko sa kanila, ang sabi ko, "Ito ang paraan para masubok ito. Kung ang asawa mo bago kayo ikasal. . .Ngayon balikan mo, halimbawang ikaw — ang buhay may asawang ito, nangangarap ka na kasal ka na. Hindi ka pa talaga kasal, ngunit nangarap ka na kasal ka na. At nagising ka, at pinuntahan mo ang kasintahan mo at pinag-usapan n'yo ang tungkol doon, at ang sabi mo, 'Alam mo, nanaginipako na kasal na dawtayo, at may mga anak na tayo, at maligaya raw tayo, at — at naghihintay tayo sa pagdating ng Panginoon at lahat!' At ang dalagang iyon ay magsasabi sa iyo, 'Alam mo, may isang lalaki na higit kong iniibig kaysa sa iyo. Mas higit akong liligaya sa kaniya.' Magagawa mo kaya nang taos sa iyong puso na ibigin siya nang lubos at sabihin sa kaniya, 'Mapasaiyo nawa ang basbas ng Diyos, mahal ko. Sumamaka sa lalaking iyon.' Ngayon, ngayon, suriin n'yo 'yan, bawat isa sa inyong mga kalalakihan, o maging kayong mga kababaihan. Kita n'yo? Buweno,kungtama angpag-ibig mo, ay magagawa mo iyan,dahil mahalaga sa iyo ang kaniyang kapakanan. Ano . . . Alam

mong maaari mo siyang mapangasawa, magkasama kayo, ikaw — asawa mo siya — magiging asawa mo siya, maaari ka niyang pakasalan, ngunit hindi siya magiging maligaya. Mas magiging maligaya siya . . . At kung magkagayon, kung talagang mahal mo siya, nanaisin mong maging maligaya siya. Kaya nga, anuman ang kalooban ng Diyos, maganap nawa ang kalooban ng Diyos, maging maligaya man ako roon o hindi. Nais kong mamuhay nang kinalulugdan Niya ang bawat gawin ko. Kaya't suriin n'yo ang — ang layunin ninyo at ang motibo ninyo sa pamamagitan niyan, at malalaman n'yo kung mahal nga ba ninyo ang Diyos o hindi." Ano kaya kung sabihin Niya, "Naglingkod ka sa akin, ngunit itatakwil kita"? "Mahal pa rin Kita."

27 Kaya nga, kung makikita iyan ng mga iglesia at magagawa nilang umibig nang ganiyan, hindi mangyayari na pipiliting agawin ng isa ang bola ng football doon sa isang tumatakbo at may hawak nito. Puprotektahan pa nga niya siya. Kita n'yo? Kung talagang tunay ang motibo at ang layunin, hindi mangyayari na sasabihin ng isa, "Teka muna, hawak ko rin ito, aako'y. . .Ako ito; ito'y . . .Kita n'yo, hindi maaaring gamitin ng Diyos ang taong iyon. Napakaraming panggagayang sumusunod dito, at iyon ay si Satanas; at hindi ito mapagtanto ng mga tao. Pinipilit nilang agawin ang bola doon sa isang pinagbigyan nito. Hayaan n'yong magpalitaw ang Diyos ng isang uring lingkuran at masdan n'yo kung gaano karami ang maghahabol dito. Kita n'yo, kita n'yo?

28 Ngayon, ang tunay na pag-ibig sa Diyos ay ganito, "Kahit pa ano ang maging bahagi ko, Panginoon, kung ang magagawa ko lamang ay ang magsalita lamang ng isang salita upang proteksiyunan lyon, hayaan mong gawin ko iyon." Kita n'yo? Ganiyan din ang tungkol sa babaeng nais mong maging asawa. Kung talagang mahal mo siya (kita mo?), hindi iyon isang — hindi iyon isang — isang pag-ibig na Phi/eo, iyon ay pag-ibig na Agapao, isang tunay na pag-ibig. Kung higit siyang liligaya sa piling ng iba . . .Hindi pa kayo kasal, ha, siyempre, hindi ka na . . .

29 At siya nga pala, sa mga taong nakikinig sa mga teyp na ito. May ibang — napakaraming nagpapadala ng sulat, na ang sabi, "Bakit, sa Kasal at Paghihiwalay ay sinabi mo ang ganito at ang gano 'n." Maraming ulit ko nang sinabi: ang mga teyp na ito ay para lamang . . . Ang kausap ko ay ang kongregasyon ko, kapatid. Hindi ko pananagutan kung ano ang pinapapastulan sa iyo ng Diyos; ang pananagutan ko lang ay kung ano'ng uri ng pagkain ang ipapakain ko sa mga taong ito. Ito'y para lamang sa tabenakulong ito. Kita n'yo? Ngayon, kung gusto ng mga taong pakinggan ang mga teyp, na Sa kanila na iyon. Ngunit nangungusap ako sa mga taong ibinigay sa akin ng Diyos. Ang mga kasalanan lamang nila ang napawi. May sumulat kasi at ang sabi, "Buweno, nagkasala ako ng ganito at nagkasala ako ng ganoon. Ang sabi mo ay ang mga kasalanan namin ay.. ." Wa — wala akong sinabing ganiyan. Ang sabi ko, "Tiyakin n'yong dito lang ito; ito'y para lang sa mga taong naririto ngayon, ang mga tao dito sa tabenakulo, ang sarili kong kawan." Ngayon, kung gusto ninyong maghalong-lahi ng pagkain diyan sa labas . . . Ku — kunin n'yo ang kapahayagan mula sa Diyos at gawin n'yo kung ano ang ipinagagawa sa inyo ng Diyos. Iyon din ang gagawin ko. Ngunit ang mga mensaheng ito ay para sa iglesiang ito.

30 Pansinin n'yo. Ngayon ay babalik tayo, kailangang magkaroon tayo ng isang bagay, kung ano man iyon, na dapat nating panghawakan. Kailangang magkaroon ng posteng-ikitan, sa ibang pananalita, isang ultimo. At bawa't isa ay kailangang magkaroon ng isang ultimo o ng isang dimapapasubaliang pamantayan. Nangaral ako tungkol dito maraming taon na ang lumipas, tungkol sa pamantayan, isang puntong maituturing na huling salita. Tulad ng ampayr sa isang larong bola, kapag sinabi niyang strike iyon, iyon na talaga iyon. Kahit ano pa angmaging tingin mo roon, sinabi na ng ampayr na strike iyon.

Ang sabi mo,"Hi — hi — hi . . . Hindi strike iyon.Nagpa... Nakita Ko ang. . ." Hindi na mahalaga kung ano iyon, nang sabihin niyang,"Strike," Iyon na iyon, at tapos na iyon, kung ano ang . . . Si — siya ang ultimo. 43 At ang ilaw ng trapiko ang ultimo. 'Pag sinabi nitong, "Sulong," ako. . . Sasabihin mo, "Buweno, nagmamadali ako, may ga . . ." Hindi, hindi, ang sabi nito, "Tumigil ka muna habang sumusulong ang iba." Kita n'yo? Iyon ang ultimo.

31 Ngayon, kailangang mayroon ng pantapos sa lahat ng bagay na ginagawa mo. Kailangang may pantapos ka pag namili ka ng mapapangasawa. Kailangang may babae kang mapili.

Ngayon, kailangang dumating ang oras na kakailanganin mong bumili ng kotse, anong uri ng pantapos ang gagawin mo. Ford kaya iyon, Chevy, Plymouth, kotseng dayuhan, anuman iyon, kailangan mong magkaroon ng pantapos.

32 Ngayon, kung sasabihin ng isang tao, kung pupunta siya sa isa, at magsasabi, narinig niya na may nagsabi, "Buweno, kailangan mong magpabautismo," at ang taong iyon ay hindi . . . Marahil siya ay . . . sa iglesia ng hindi nagbabautismo, nagwiwisik lang sila, sa wari ko, halimbawa na lang, ang mga Metodista, nagbabautismo sila kung hihilingin mo, ayon sa nauunawaan ko. 0 marahil ay — isa siyang Catolico, wari ko'y nagwiwisik lang sila. Kaya nga kung — kung narinig ng isang tao ang tungkol sa paglulubog sa tubig, buweno, hindi niya nauunawaan iyon; lumaki siyang isang Catolico, kaya't paroroon siya sa pari at sasabihin, "Padre, nauunawaan ko na dapat tayong bautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog. Ano ba ang masasabi ng simbahan natin tungkol diyan?" 47 "Aba, ang sabi rito ay — ay

kailangan daw tayong wisikan." Ngayon, kung ang simbahang iyon ang kaniyang ultimo, iyon na ang tatapos no'n. Tapos nang lahat ang pagtatalo. Nagsalita na ang iglesia at, iyon na iyon.

33 Ano kaya kung ang — kung narinig tayong isang kapatid na Baptist na naniniwala tayo sa paglulubog sa bautismo — sasabihin niya, "Naniniwala ako riyan," — at sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon, ang - ang kasapi ng iglesiang iyon ay babalik sa pastor niya at magsasabi, "Pastor, may taong nagsabi sa akin na dapat daw talaga ay lubog sa tubig ang bautismo, ngunit dapat daw ay sa Pangalan ni Jesus Cristo."

"Buweno,"ang sasabihin niya, ''Ngayon, tingnan natin. Aba, dito'y sinasabi sa aklat na 'pag nagpabautismo tayo ay dapat gamitin ang Ama, Anak, at Espiritu Santo." Kung ang iglesiang iyon ang pantapos, iyon na ang tatapos

no'n. Hindi na mahalaga sa kaniya kung ano pa ang maaaring sabihin ng iba tungkol dito, iyon ang kaniyang pantapos.

34 Buweno, bawat denominasyon ay isang pantapos sa kanila ng mga tagasunod. Datapuwa't para sa akin at sa mga taong inaasahan kong inaakay ko kay Cristo, at sa pamamagitan ni Cristo, ang Biblia ang aming Pantapos. Kahit pa . . . 'Pagkat sinabing Diyos, "Ang salitang tao ay kasinungalingan, at ang Akin ay Katotohanan." At naniniwalaako na ang Biblia ang Pantapos ng Diyos. Kahit ano pa ang sabihin ninuman, Iyon ang Pantapos. Ang Biblia ay hindi isang aklat ng mga sistema. Hindi po! Hindi ito isang aklat ng mga sistema, o isang kodigo ng kabutihang asal. Ang Biblia ay hindi isang aklat ng mga sistema, napakaraming sistema at iba pa. Hindi po! Hindi ito aklat ng kabutihang asal. Hindi po, hindi ito gano'n. Hindi rin naman ito akIatng kasaysayan, at hindi rin naman ito aklat ng teolohiya, dahil Ito ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Ngayon, kung nais ninyong basahin iyon, kayo na may mga papel, na naglilista nito, iyon ay sa Apocalipsis 1: 1-3. Ang... Ang Biblia ay kapahayagan ni Jesus Cristo.

35 Basahin na lang natin ito habang may oras pa tayo. Sa paniwala ko ang aking . . . Hindi gasinong marami ang aking mga tala rito na ipangangaral ko. Kung magtatagal pa ang Panginoon, aba, sisikapin nating makakuha mula sa mga ito . . . Ang Apocalipsis ni Jesucristo, na ibinigay ng Diyos sa kaniya, upang ipakita sa kaniyang mga alipin, ang mga bagay na nararapat na mangyaring madali; at kaniyang ipinadala at ipinaalam . . . sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan: Na sumaksi sa salita ng Dios, at . . . sa patotoo ni Jesucristo, sa lahat ng mga bagay na nakita niya. Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagkat ang panaho y malapit na.

36 Kaya't ang Biblia ang ganap na kapahayagan ni Jesus Cristo, at Ito'y isinulat ng mga propeta, Hebreo 1:1," Sa . . .Ang Diyos, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa atin sa huling araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, na si Jesus Cristo," na siyang mga propeta, silang lahat na pinagsamasama. Si Jesus si Malakias; si Jesus si Jeremias, si Isaias, si Elias. Labat sila, ay nasa Kaniya. At lahat ng nasa iyo, lahat ng nasa akin, ay nasa Kaniya. Mga Salita, mga saksi ng Salita Kaya't hindi ito isang aklat ng mga sistema, o aklat ng kabutihang asal, hindi rin naman Ito isang aklat ng kasaysayan, o isang aklat ng teolohiya. Hindi. Bagkus ito ay kapahayagan ni Jesus Cristo — ang Diyos mismo na nahayag mula sa pagiging Salita tungo sa pagiging laman. Iyon na nga Iyon. Ang Biblia ang Salita at ang Diyos ang laman. Ang Diyos na nasa. . .Ang Diyos, pala, ang Salita, at si Jesus ang laman. Ito'y isang kapahayagan kung paanong ang Diyos, ang Salita ay naipamalas sa laman ng tao, at nahayag sa arin. At iyan ang dahilan na naging Anak Siya ng Diyos. Siya ay bahagi ng Diyos. Nauunawaan ba ninyo?

Ngayon, hindi Siya. . . Ang katawan ay bahagi ng Diyos, kaya ito'y isang Anak.

37 IsangAnak . . .Gayang palagay ng Catolico, WalangHanggang Anak (at pati na rin ang lahat ng iba pang iglesia), ni wala ngang kabuluhan ang salitang iyon. Kita n'yo? Hindi maaaring maging WaIang Hanggan iyon at pagkatapos ay anak, 'pagkat ang isang anak ay isang bagay na iniluluwal. At ang salitang eternal . . . Hindi Siya maaaring maging isang. . . Maaari Siyang maging Anak, ngunit hindi Siya maaaring maging Eternal na Anak. Hindi, po! Hindi maaari ang Eternal na Anak.

Ngayon, datapuwa't Siya ay Anak, dahil ang lahat ng Salita na nakay Jeremias, nakay Moises . ..At lahat ng mga Salitang iyon, gaya ng sinabi Niya, "Nangungusap ang mga ito tungkol sa Akin." Lahat ng tunay na Makadiyos na kapahayagan ng Salita ay napuntang lahat sa isang katawang tao, at binalutan Ito ng Diyos ng laman. Iyan ang dahilan na tinawag Siyang "Anak," dahilan din kung bakit Siya tumatawag ng, "Ama." Aba, ganiyan lang kasimple iyan, kung hahayaan lang ninyong ibuhos ng Diyos iyan sa inyong isipan. Kita n'yo? Ang Diyos ay nahayag sa isang katawang laman (Pansinin n'yo!) — nahayag mula sa laman — o mula sa Salita tungo sa laman. Iyan ay sa San Juan 1:14: "At ang Salita ay naging laman at nanahang kasama natin."

38 Ngayon, pansinin ninyo ang Bibliang ito. Ang ilan sa kanila ay nagsasabi, "Oh, buweno, ganito ang ginawa niyan, ganoon ang ginawa niyan." Subali't may sasabihin ako sa iyo, tayo nang — tunghayan natin ang kasaysayan ng Biblia sandali at tingnan natin kung saan Ito galing. Isinulat ito ng apat-napung

iba't-ibang manunulat. Apat-na-pung tao ang sumulat sa Biblia sa loob ng labing anim na raang taon, at sa iba't ibang. pagkakataon, inihula nila ang pinakamahahalagang pangyayaring naganap sa kasaysayan ng mundo, at kadalasan pa nga ay daang taon bago iyon maganap. At walang isa mang pagkakamali sa kabuuan ng animnapu't anim na aklat. Ay, naku! Walang sinumang may-akda maliban sa Diyos ang ganiyan ka-wastung wasto. Walang isa mang salita ang sumasalungat sa iba. Alalahanin n'yo, sa loob ng labing anim na raang taon, ay naisulat ang Biblia, mula kay Moises hanggang sa — sa kamatayan ni — ni Juan sa Isla — o sa Isla ng Patmos, labing anim na raang taon. At isinulat ng apat na pung iba't-ibang may-akda. Ni hindi sila magkakakilala, at hindi pa nila taglay Iyon bilangang Salita. Ang iba sa kanila ay ni hindi pa nga nakakakita ng Salita. Ngunit nang isulat nila lyon, at naunawaan sila bilang mga propeta, at nang pagsama-samahin nila ang kanilang mga hula, bawa't isa sa kanila ay tumugma sa isa't-isa.

39 Tingnan ninyo si Pedro, na nag-patalastas sa araw ng Pentecostes, "Mangagsisi kayo at magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan." Hindi pa naririnig ni Pablo ang tungkol doon. Nagtungo siya sa Arabia sa loob ng tatlong taon upang pag-aralan angLumang Tipan upang malaman niya kung sino ba ang HaligingApoy na iyon na nangusap sa kaniya sa daan, at nagsabi, "Saulo, bakitmo Ako pinag-uusig?" Paano siyang magkakamali? Ni hindi siya kumunsulta sa iglesia. At labing apat na taon ang lumipas pagkatapos niyon nang makatagpo niya si Pedro, magkapareho sila ng ipinangangaral, salita-sasalita. Iyan ang Biblia natin. Hayaan ninyong mabigo ang salita ng ibang tao. itong. . .Walang taong maaaring magdagdag Dito. Hindi mo na maaaring dagdagan pa ang Biblia. Hindi, po! ito ay isang ganap na kapahayagan. Iyon lang.

40 Gaya ng Mga Pitong Tatak. Ang Pitong Tatak. . .May isang tao na panay ang sabi sa 'kin, "Hayan ika'y . . . Mangungusap ang Panginoon sa iyo, Brother Branham, kapag nahayag ang mga tatak na ito at sasabihin sa atin nito kung paano tayong higit na magiging malapit sa Diyos, kung paano tayo . . . "

Ang sabi ko, "Hindi, po! Hindi maaari, dahil ang Biblia, sa Pitong Tatak nito ay may natatagong Pitong Hiwaga. Nakasulat na iyon datapuwat hindi nila maunawaan kung ano iyon." Tingnan n'yo kung paano nilang binungkal ang tungkol sa pagpapabautismo sa Ngalan ni Jesus. Kita n'yo? Hindi ganoon iyon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kita n'yo? Lahat ng bagay na iyon, kung paanong iyon ay . . . Dahil napakaraming Jesus. . . Napakarami kong mga kaibigan dito sa ibabaw ng lupa na ang pangalan ay Jesus, mga kaibigan kong mangangaral. Hindi iyon ganoon. Dapat ay ang Panginoon nating si Jesus Cristo. Walang ibang may akda na maaaring kasing wastungwasto ng Diyos. 59 Ngayon, tingnan lang natin kung paanong naisulat ang Bibliang ito.

41 Ngayon, halimbawa, mula. . .Ano kaya't kumuha tayo ngayon ng anim na pu't anim na mga aklat sa medisina na tumutukoy sa katawan, na isinulat ng apat na pung iba't-ibang paaralan, isandaan at anim na pu . . . o labing anim na raang taon ang pagitan nila? Ano kayang uri ng pagkakadugtungdugtong ang makuha natin? Nang si George Washington, ang pangulo natin . . . Mga dalawang daang taon na ang nakararaan ay binunot nila ang kuko niya sa paa dahil sa pulmonya at pinadugo nila siya ng isang pint? Ano kaya't kumuha tayo ng . . .

Magpakalawig pa tayo ng kaunti sa ilang mga bagay na labis nating hinahangaan ngayon; iyon ay ang agham. 60 Ano kaya't kumuha tayo ng apat-na-pungiba't-ibang agham mula labing anim na raang taon ang pagitan at tingnan natin kung ano ang makukuha natin? Isang scientist na Franses, tatlong daang taon na ang lumipas, ay nagpatunay sa pamamagitan ng agham, na sa pamamagitan ng pagpapagulong ng isang bola, na kapag daw napagulong ito ng napakabilis. nang higit sa tatlumpung milya bawat oras, mawawala sa Iupa ang bola at ito raw ay mahuhulog. Sa palagay kaya ninyo ay babatay ang agham pabalik doon? Mayroon bang pagkakadugtong doon ngayon, samantalang kung magmaneho sila ngayon sa kalsada ay umaabot ng isandaan at limampung milya bawat oras ang bilis nila? Kita n'yo? Datapuwat sa pamamagitan ng agham ay pinatunayan niya na dahil daw sa puwersa ng bolang gumugulong sa ibabaw ng lupa, na sa bilis na tatlumpung milya bawat oras, na anumang bagay daw ay aangat sa lupa at lalayo, mahuhulog daw sa kalawakan.

Wala, walang pagkakadugtong doon,

42 datapuwat walang isa mang salita sa Biblia ang sumasalungat sa iba. Walang isa mang propeta ang sumalungat sa isa pa. Bawat isa sa mga iyon ay sakdal, at sakaling may darating at manghuhula, kaagad tatayo ang tunay na propetang iyon at ipatatawag siya. Kung magkagayon ay naipamamalas ito. Kita n'yo, kita n'yo? Kaya't ang Biblia ay Salita ng Diyos sa lahat ng mga mananampalataya.

43 Ngayon, hindi kayo makakakuha ng pagka-wastung-wasto sa anumang maaaring pagkasunduan ng mga duktor. Ni hindi nga kayo makakuha ng pagka-wastung-wasto sa kanila ngayon. Hindi kayo makakakuha ng pagkawastung-wasto sa agham ngayon. Ngayon, alam n'yo, noong araw, ang sabi nila sa atin na ang — na nang sabihin daw ng Biblia na nakita niya ang apat na anghel, na nakatayo sa apat na sulok ng mundo, na hindi raw maaari iyon; bilog daw kasi ang mundo. Datapuwa't ang sabi ng Biblia ay "apat na sulok." Buweno ngayon, nakita ninyo dalawang lingo na ang nakararaan — tatlong lingo na ang nakararaan ngayon — laman ng mga pahayagan ang sulating iyon, natuklasan nila na kuwadrado pala

ang mundo. Ilan ba ang nakakita no'n? Siyanga, kita n'yo? Ipinakopya ko iyon at naghihintay lang akong may magsalita.

44 At matutuklasan din nila balang araw na hindi rin sila nakakakita ng isang daan at limampung milyong taon ng liwanag sa kalawakan; umiikot lang sila. Ganiyang ganiyan nga. Matutuklasan ninyo isa sa mga araw na ito na pagpuntamo sa Langit,ay hindi ka lilipad ng mataas kung saan, . naririto ka pa rin, lamang ay sa isang dimensiyong mas mabilis kaysa rito. Sa loob ng silid na ito ay may nagdaraang mga kulay. Bawat kulay ng kamiseta, baro, anumang suut-suot ninyo ay eternal, nakatala, paikut-ikot sa mundo. Sa tuwing ikukurap mo ang mata mo ay nakatala ito. Masdan n'yo, ang telebisyon ang magpapatunay niyan.

45 Nang isilang ka, nagsimula nang gumawa ng tala ang Diyos sa iyo. Hindi ako gumagawa . . . Magsalang ka ng plaka, hindi ito lumilikha ng tunog sa loob ng ilang panahon, alam n'yo; iyon ay isang maliit na sanggol hanggang sa umabot ito sa gulang ng pananagutan. Doon na magsisimula ang ingay. Naguumpisa na siyang magsalita ng mga bagay-bagay at gumawa ng mga bagaybagay na kailangan niyang panagutan. At kung magkagayon 'pag natapos na ang buhay na iyon, ang plakang o teyp na iyon ay inaalis at inilalapag sa — sa malaking-malaking aklatan ng Diyos. Ngayon, paano kang makaiiwas doon sa harang ng paghatol? Patutunugin iyon sa harapan mo: Bawat ikinilos mo, bawat kaisipang sumagi sa isip mo. Nakikita ba ninyo iyon? Ngayon, nakikita ba ninyo kung saan ang Diyos . . .

46 Nakatayo ako rito nung isang gabi, at may tumayong lalaki rito sa plataporma, matangkad, panot ang ulo, totoong magandang lalaki, malakas. At lumabas siya . . . Maraming sinabi ang Panginoon sa kaniya tungkol sa kaniyang pamilya at kung ano ang dapat niyang gawin. At lumabas siya at naupo. Makalipas lamang ang ilang sandali ay may dumating namang isa pang lalaki sa aking harapan, ngunit nakatungo, siya. Hindi ko siya matukoy, at tumingin akong muli sa lalaking iyon doon; at hindi siya iyon, dahil ibang tao naman siya. At ang lalaking iyon, hindi ko siya makita. Tumingin ako sa paligid, walang tao sa likod ko. Ang sabi ko, "Ang lalaking iyon ay nakaupo sa likod ng mga kurtinang iyon." At siya pala ay ang ating — isa siyang kapatid na nagsisimba rito, matangkad, kalbuhin, matipunonglalaki, nakaupong gano'n doon. At nakatungo ang kaniyang ulo, nananalangin siya, dahil mamamatay na siya sa sakit niya sa sikmura. Bibili sana siya ng isang pares na sapatos. Nais ng asawa niyang bumili siya ng bagongsapatos. Ang sabi niya, "Hindi, hindi ko na kailangang bumili no'n, hindi na rin naman ako mabubuhay para isuot iyon." Mamamatay na siya. At nakaupo siya roon, kita n'yo, sa dimensiong iyon . . . Aleluia! Kumilos ang Diyos doon sa loob at ang sabi, "Hayun siya't nakaupo," kung ano ang ayos ng pagkakaupo niya. Nakikita ba ninyo kung anong nais kong sabihin?

47 Ngayon, pansinin. At walang anumang pagkakamali sa Kasulatan. Si Jesus, ang Salita ng Diyos, ay nakakikilala ng mga haka ng puso. Ang Salita ng Diyos ay higit na malakas, higit na matalas, Hebreo 4:12: "Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas, higit na makapangyarihan kaysa dalawang talim na tabak, at nakakikilala ng mga kaisipan at mga haka ng diwa." Kita n'yo? Nararating Nito ang loob ng diwa, at humuhugot ito, at kumikilala. Ano ba ang pagkilala? "Ang ipabatid, ipahayag." At iyan ang ginagawa ng Salita ng Diyos. Ngayon ay sinasabi natin, "Ang Simbahang Catolico ay ang Salita ng Diyos, ang mga Baptist, ang mga Metodista, ang Pentecostal, ang tabernaculo." Mali iyan. Ang Salita ang kapahayagan, ang Diyos na nahahayag sa pamamagitan ng Salita!

48 Wala, hindi tayo makakukuha — makakukuha ng anumang pagkakadugtong sa mga manggagamot, sa mga scientist, at sa iba pa. Kung nakuha lang sana ni Einstein ang espirituwal na paggamit, gaya nang nagawa niya sa — sa pisikal na paggamit, dahil pinag-aralan niya ang batas ng liwanag at ang iba pa, may nasabi sana siya sa atin. Nang marinig ko ang mensahe niya tungkol sa malaking gitna kung saan doon sa kalawakan, na kung matutumbok mo raw ang pinaka gitnang iyon, magagawa mo raw na lumikha ng mundo, magagawa mo ang lahat ng bagay; ang — ang kapangyarihan mo raw ay magiging walang hangganan. Kita n'yo? Nakita niya iyon.

49 Nakikita ba ninyo ang mga mumunting bulsang lumilipad sa himpapawid na kung tawagin nila ay "saucers" at kung ano pa. Ang mga tao, para lang . . . Buweno, makabubuting hayaan na lang natin iyon. "Nababalitaan ba ninyo ang tungkol sa mga taong nawawala?" sasabihin pa ninyo. Hindi na kayo nakaririnig mula sa kanila; nakatayo lang sila roon, at bigla na lang silang nawawala. Ganiyan ang magaganap sa pagagaw. Isa sa kanila ay bigla na lamang bababa rito, at ang makalupang katawang ita ay magiging makalangit na katawan. At ito'y magiging balat, buhok, o buto na maiiwan. Mababago ang anyo nito sa isang iglap lamang, papailanglang sa kalawakan at iuuwi ang . . . Nakikita nating nagaganap ang lahat ng ita ngayon, at ang — nagtataka ang Pentagon tungkol sa mga liwanag na iyon, at ang mga mahiwagang ilaw, at lahat ng mga bagay na nakikita nila sa — sa langit. Nakita n'yong naglathala sila ng isa rito sa Jeffersonville nitong linggong ito at iba pa. isang mahiwagang ilaw. Naisip ko, "Oh, hindi nila alam kung ano iyon." Ngunit makinig kayo mumunti kong mga anak, susunduin kayo nito isa sa mga ara na ita (kita n'yo, kita n'yo?); huwag kayong mag-alala.

Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma . . ."

50 Ano ba ang nangyari bago ang Sodoma ay . . . ? Bumaba ang Diyos kasama ng mga Anghel, at

nagsagawa sila ng imbestigasyon ng paghatol. Ang sabi, ''Narinig Ko ang hinaing na napakamakasalanan, napakalakas,kaya't nanaog Ako upang malaman kung ito ba'y katotohanan o hindi.“ Tama ba 'yon? Pagmasdan n'yo, ang pangunahing Isang iyon na naiwan sa piling ni Abraham, nagawa Niyang kilalanin ang mga iniisip ni Sara sa puso niya sa Kaniyang likuran. Ngayon, kung titingin ka lang ng kaunti sa paligid at mapapansin mo (kita n'yo?), pagmasdan ninyo kung ano ang ginagawa Nito, ganito rin ngayon. Ito'y isang imbestigasyon ng paghatol. Matapos na ang Iglesia, kapag umabot na Siya sa lugar na iyon at bawa't binhi ay nailagay na sa tamang puwesto, ay mawawala na sila. Hindi nila malalamankung ano ang nangyari sa kanila. Ang isa ay paroroon sa isang direksiyon. Kita n'yo? Ang isa ay paroroon sa bahay ng pastor, at ang isa naman ay magtutungo rito, o kaya nama'y doon; at bago mo pa mamalayan, ay wala na sila. Dahil si Enoc na siyang tipo, kinuha siya ng Diyos, at hindi na siya nasumpungan. Nanaog upang mag-imbestiga.

Ang pagkakatuluy-tuloy, kung paanong ang pagkalipat ni Enoc, ay katipo ng Israel na naligtas sa daong.

51 Sakdal na sakdal . . . Ang Salita ng Diyos ay sakdal na sakdal, na maging ang Luma at ang Bagong Tipan ay dalawang kalahati at bumubuo sa isa. Tama. Ang Lumang Tipan ang Kalahati, at ang Bagong Tipan naman ang kalahati Nito. Pagsamahin mo, at makukuha mo ang kabuuan ng kapahayagan ni Jesus Cristo. Naroon ang propetang nangungusap, at naririto Siya sa Persona. Kita n'yo? Dalawang kalahati at isang kabuuan.

Ngayon, ayaw nating masyadong magtagal.

52 Alalahanin ninyo, na ang Lumang Tipan ay hindi magiging kumpleto kung wala ang Bago. At ang Bago ay hindi makukumpleto kung wala ang Luma. Iyan ang dahilan kung bakit ang sabi ko ay, dalawang kalahati — isang buo. Kaya't ang sabi ng propeta, “Siya'y paririto; Siya'y paririto; Siya'y paririto! Ganito ang gagawin nila sa Kaniya; ganito ang gagawin nila sa Kaniya!” at naririto na nga Siya, ''Naparito na Siya; naparito na Siya! Napa. . . Ganito ang ginawa nila sa Kaniya, at ganito ang ginawa nila sa Kaniya.“ Katatapos ko pa lang mangaral tungkol diyan ilang gabi pa lang ang nakalilipas.

53 Ngayon, para mapag-aralan ang Mga Kasulatan — sinabi ni Pablo kay Timoteo, “Pag-aralan mo Ito, gamitin mong matuwid ang Salita ng Diyos na siyang Katotohanan,” — at may tatlong dapat sa Kasulatan. Sa paggamit ng Salita ng Diyos ay may tatlong,bagay kang hindi dapat gawin. Ngayon ay pagaralan natin iyan sa susunod na sampung minuto: Tatlong bagay na hindi mo dapat gawin. At sa buong lupain, saan man kayo naroroon sa buong bansa, tiyakin ninyong mailalagay ninyo ito sa inyong isipan kung wala kayong lapis. Hindi dapat gawin ang mga bagay na ito. Lagi naming sinasabi sa inyo kung ano ang mga dapat gawin; ngayon naman, ay sasabihin ko sa inyo kung ano ang hindi dapat gawin.

Ngayon, hindi mo dapat minamali ang pagpapaliwanag sa Salita. Sasabihin mo, “Buweno, sa paniwala ko ay ganito ang ibig sabihin nito.” Ang ibig sabihin Niyan ay kung ano ang sinasabi Niyan. Hindi na Iyan nagangailangan pa ng tagapagpaliwanag. At hindi mo dapat minamali ang pagkakalagay ng Salita. At hindi mo dapat alisin sa tamang puwesto ang Salita. At kung gagawin natin ang alin man sa mga ito, nailalagay ang buong Biblia sa isang kalituhan at sa isang kaguluhan.

54 Pansinin. Ang mamali ka ng pagkaunawa kay Jesus sa anyo ng Diyos na nasa isang tao, baka gawin mo Siyang — baka gawin mo Siyang isa sa tatlong Diyos. Ang mamali ka ng pagkaunawa kay Jesus Cristo,sa Kaniyang pagiging Salita, baka gawin mo Siyang isa sa tatlong Diyos. o baka gawin mo Siyang ikalawang Persona ng isang pagkadiyos. At 'pag ganiyan, ay guguluhin mo ang buong Kasulatan. Wala kang mararating. Kaya't hindi dapat Ito minamali ng pagpapaliwanag.

At kung sasabihin mo na ang isang bagay na ito, lalagyan mo Ito ng sarili mong pagpapaliwanag, at gagamitin mo Ito sa ibang panahon o sasabihin mong naganap na Ito sa ibang panahon, gumagawa ka rin ng maling pagpapaliwanag.

55 Kung may mamamali ng pagkaunawa kay Jesus Cristo sa Biblia, na hindi Siya ang Diyos, gagawin Siyang ikalawang persona, o isa sa tatlong diyos, ililihis nito ang bawa't Salita sa buong Biblia. Susuwayin nito ang unang utos,“Huwag kang magkakaroon ng iba pang diyos maliban sa Akin.” Mabuti. Gagawin niyang mga paganong mapagsamba sa diyus-diyosan ang buong angkan ng mga Cristiano na sumasamba ng tatlong magkakaibang diyos. Nakikita ba ninyo kung anong uri ng Biblia ang kalalabasan niyan? Kung gayon ang labas natin ay kung ano ang tingin sa atin ng mga Judio. Ang sabi nila, “Alin ba talaga sa roga diyos na iyon ang diyos ninyo?” Kita n'yo? Kaya't kita n'yo, hindi mo maaaring — hindi mo dapat minamali ang pagpapaliwanag sa Biblia, dahil si Jesus Mismo ang pagpapaliwanag ng Biblia kapag Siya ay naipamamalas sa panahong ang bahaging iyon ng Kaniyang Katawan ay naipamamalas. Kung iyon ay panahon ng kamay, dapat ay maging kamay iyon; hindi iyon maaaring maging panahon ng ulo. Kung iyon ay panahon ng tinig, bweno kung gayon, ay hindi iyon maaaring maging panahon ng paa. Kita n'yo? At ngayon, nasa panahon na tayo ng mata. At ngayon, ang kasunod ay Siya, Siya mismo, ang darating. Ang Paningin — maka-propeta.

56 Kita n'yo, sa buong kapanahunan ay nagpasimula tayo sa patibayan, mula sa unang kapanahunan ng iglesia, nang ang Binhi ay maibaon sa lupa, ang kumpletong Binhi. At tumubo iyon hanggang sa mga paa, si Luther, tumubo iyon hanggang kay Wesley, tungo sa mga Pentecostal, ang dila at ang bibig. Kita n'yo? Ngayon ay nasa mata na, maka-propeta,ng Malakias 4 at iba pa. At ngayon, ay wala nang iba pang maaaring dumating, maliban sa Kaniyang Sarili upang pumasok Siya roon, 'pagkat iyan na ang pinakahuli. Ang kasunod ay ang katalinuhan, at wala tayong sariling katalinuhan; ito'y sa Kaniya. Kita n'yo? Wala tayong sariling paningin. Paanong magagawa ng isang tao na makita ang mga bagay na iyon? Hindi niya iyon magagawa; ang Diyos Mismo iyon. Kita n'yo, ito'y — umaabot na ito sa isang kalagayan,at Siya ang namahala sa buong katawan hanggang sa huli. Pagkatapos ay ang kumpletong Katawan ni Cristo ay mahahayag sa anyo ng Nobya na hinugot mula sa Kaniyang tagiliran, gaya ng ginawa ni Adan sa pasimula — tulad pala ng naganap kay Adan noon, sa pasimula.

57 Oo, ang Diyos . . . Ilalagay nito ang buong Biblia sa isang kalituhan, susuwayin nito ang unang utos at gagawa ito ng isang diyos sa tatlo. Sad- yang — sadyang sisirain nito ang buong larawan ng Biblia, kaya't hindi mo dapat minamali ang pagpapaliwanag sa Biblia. Ngayon, isa pa lang iyan.

Kapag ang bawat Kasulatan sa Biblia ay magkakatulad ng pagkagamit, Dapat mo Itong ilagay sa tama Nitong kalagayan. At kung mamamali ka ng pagkakalagay Dito, baka gawin mo siyang Diyos sa isang kapanahunan at isang — sa kasunod na kapanahunan ay baka gawin mo na Siyang isang kasaysayan na lamang — kung mali ang pagkakalagay mo Rito. Kaya't hindi mo dapat minamali ang pagkakalagay ng Kasulatan. Siya ay Diyos sa lahat ng pagkakataon. Kung gagawin mo Siya ngayong isang Diyos ng kasaysayan, kung ano Siya noon, at hindi na siya ganoon ngayon, ano ang gagawin mo sa Hebreo 13: 8? Kita n'yo? Siya ay tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man.

Ngayon,ay nakikita mo na kung ano ang ibubunga nito, at kung ano na ang ibinunga nito. Nangyari na. Ipinatatanggi natin sa Kaniya ang Sarili Niyang Salita kung mali ang paglalagay natin sa Mga Kasulatan.

58 Ang maling pagpu-puwesto sa Mga Kasulatan, baka mali ang pagkakabuo mo sa Kaniyang katawan, baka ilagay mo ang paa sa puwesto ng ulo o ng kung ano. Tulad din ng isang . . . Sa ibang salita, baka paghatirin mo si Jesus ng mensahe ni Moises. Baka naman — o — baka pagturuin mo naman si Wesley sa panahon ni Luther. Baka ilagay mo ang ngayon, ang kapanahunan natin, sa pagtuturo sa Pentecostes, ang mensaheng Pentecostal. Nakikita ba ninyo kung anong gulo ang ibubunga nito? Nagpakita na ng totoong kulay ang Pentecostes. Naipakita na ni Luther ang kaniyang — humantong na iyon sa pagiging denominasyon. Namatay kaagad iyon. Ang kapanahunan ay natapos; hayu't lumisan na ito.

Pansinin n'yo, sa sandaling ito ay maging isang organisasyon, kaagad itong namatay. Ngayon, tingnan lang ninyo kung hindi iyan tama. Balikan ninyo ang mga pahina ng kasaysayan. Sa tuwing ito'y magiging isang organisasyon, kaagad itong namamatay; wala nang kabuluhan iyon. Nagiging isa — isa iyong tagasamba ng diyos ng sanlibutang ito. Nalilihis Iyon tungo sa mga organismo, at mga organisasyon, at mga denominasyon, At mga ilusyon. May isang bungkos na mga Ricky ang sumali roon at inilagay nila ang sarili nilang pagsalungat doon, o isinisingit pala nila ang sarili nilang mga kaisipan doon. At anong nangyari? Naging isa itong kalat. Ito'y hahantong sa diyos ng sanlibutang ito kung saan ay iluluklok nila mismo si Satanas, sa pag-aakalang ang nasa kanila ay isang dakilang pinunong maghahatid sa kanila ng kapayapaan.

59 Ngayon, sinabi ko sa inyo nung isang araw — sasabihin ko itong muli — maging itong kabihasnan ngayon ay salungat na salungat sa Diyos. Ang kabihasnan ay salungat sa Diyos. Ang edukasyon ay milyong milya ang layo sa Kaniya. Ang agham ay milyung milya ang layo. Sinisikap ng agham at ng edukasyon na pasubalian ang Diyos (kita n'yo?) sa pamamagitan ng mga seminaryong teolohikal, at mga paaralan at mga silid ng agham, at iba pa. Naisagawa na nila ang kanilang pag-alog. Ano nga ba ang tungkol sa pangitain nung isang gabi tungkol sa lalaking sumisigaw sa mga scientist na iyon na nagsasalin ng mga likido ng iyon doon. Lumingon lang sila, at tumingala, at nagpatuloy sila. May isang sakay pa.

60 Pansinin n'yo. Oh, ang tatlong dapat na ito,a y talagang dapat. Ngayon, hindi mo maaaring . . . Hindi dumating si Jesus na ang dala ay ang mensahe ni Noe. Hindi Siya naparitong dala ang mensahe ni Moises, o si Moises ay hindi naparitong ang ipinangangaral ay . . . Kita n'yo, huwag ninyong ilalagay sa maling puwesto ang Kasulatan. Dapat itong mailagay. sa tamang panahon. Ngayon, hindi mo maaaring gamitin . . . Nang ang dakilang lalaking iyon, na si John Wesley ay lumabas, o ang dakilang lalaking iyon, na si Luther. . .Nang lumabas si Luther dala ang mensahe niya tungkol sa pag-aaring ganap . . . Ngayon, nang . . . Iyon ay isang . . . si Luther ay isang dakilang lalaki. Tinawag niya ang iglesia palabas ng kadiliman, at isinaayos niya ang pagaaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. At nang gawin niya iyon, nagtatag sila ng isang organisasyon sa ibabaw nito; at namatay iyon. Ang Buhay ay tumakbong tulad sa isang halamang trigo, tungo sa panahon ni Wesley tungo sa bulaklak. Mula kay Luther ay naglabasan ang iba pang dahon at nangamatay na kasama nito, iyon ay si Zwingli, at si Calvin, at lahat ng iba pa na nagsilabas sa dakilang panahong iyon ng Repormasyon.

61 At dumating naman si Wesley, isa na namang panahon ang namukadkad mula sa bulaklak. Si Wesley at si Attenbury, at lahat ng iyon, at — at si John at ang kaniyang kapatid, at lahat sila, mga dakilang lalaki ng Diyos na nagdalang isang mensaheng lumaganap sa buong bansa. Inorganisa nila ito; namatay ito. At pagkatapos ay lumabas ito na ang anyo ay para bang maguusbong na ita ng butil ngayon, at iyon pala ay ipa lang iyon, Pentecostes. Ngunit doon sa likuran ng lahat ng iyon, ay lumitaw ang maliit na usbong. At pansinin ninyo, karaniwang . . . Sa pakiwari ko ay sa loob lamang ng tatlo o apat na taon matapos mangaral ni Luther, ang Iglesiang Lutheran ay naitatag. Kaunting panahon lang ang lumipas matapos mangaral ni Wesley, ay nagorganisa na ito.

62 Sa Tucson ay may — nagkaroon kami ng isang palatuntunan kung paanong ang Iglesiang Wesleyan — o ang Iglesiang Metodista ay nagpasimula. At nang maparito sila Sa Amerika, marami sa kanila ang nagbalik at ang sabi ay nagsipagtatag sila ng mga alituntunin at iba pa, mula sa Inglatera upang dalhin iyon dito, at lahat ng iyon ay isinadula nila. At noon ko nakita kung ano ang nangyari. At doon na siya namatay.

Buweno, lumabas naman ang mga Pentecostal, yaong mga mahilig sumigaw noong unang panahon, nakuha nila ang kaloob na pagsasalita ng iba't-ibang wika at nagpasimula sila sa pagsasalita ng iba't-ibang wika. Pagkatapos ay tinawag nila iyong ebidensiyang Espiritu Santo. At nagtatag sila ng organisasyon. Ang sabing isa ay ganito ang gagawin niya, at ganoon naman daw ang gagawin ng isa. At nagkaroon sila ng iba't-ibang usapin. Ano ang ibinunga nito? Bawa't isa sa mga dahong iyon ay nagsipagladlad, gaya rin nang nangyari sa puno at gaya rin ng nangyari sa bulaklak. Nagkaroon sila ng oneness, twoness, threeness, at ng Iglesia ng Diyos, at lahat ng iba pang ito, ay lumadlad, lumadlad, lumadlad. Ngunit ngayon, ayon sa kalikasan na isang sakdal na halimbawa, hinding-hindi mo matuturuan ita sa pamamagitan ng edukasyon upang makaalpas ito rito.

63 Isang pamilya ng mga kaibigan ko roon sa Kentucky ang kalian lang ay nagkaroon ng isang munting — munting sanggol na isinilang noong isang araw, at nakatayo roon ang ina nang lutuin nila ang hapunan namin. Tinutulungan niya ang isang kapatid na babae na ipagluto ang ilan sa aming mga kalalakihang kagagaling pa lang sa pangangaso. At umiyak ang bata, at nagsasalita ako. Medyo napahiya yata ang ina, kaya nagmadali niyang kinuha ang bata, at — at nagsimulang pa — pakanin ang paslit. Ang sabi ko, "Alam mo, likas iyan." Kita n'yo? Ngayon, hindi mo maaaring . . . Hindi pa sila nakakasumpong ng mas mabuting paraan para makuha ng isang sanggol ang gusto niya liban sa pag-iyak. Ngayon, maaari mo itong bigyan ng isang — isang aklat ng tamang asal, at maupo ka rito, at sabihin, "Nais kitang turuan ng teolohiya, anak. Ngayon, huwag kang ngangawa riyang gaya ng ibang mga bata; iba ka. Ngayon, kung gusto mo nang kumain, patunugin mo lang ang kuliling na ito rito." Hindi iyon maaari. Hindi, sadyang hindi iyon maaari.

64 Kaya, kung pagmamasdan mo ang kalikasan . . .

Ngayon, ay nakikita natin kung paanong sa bawa't kapanahunan, ito'y — tuwirang idinisenyo na nasa huling kapanahunan na tayo. Humulagpos na ang talukap, at mayroon na tayong labing limang taon — halos dalawampu na ngayon — mga taon kung kailan ay lumaganap ang Mensahe sa iba't-ibang bansa — at sa umagang ito ay naka-hookup sa buong bansa (kita n'yo?) — at walang organisasyon. Hindi ita maaaring maging isang organisasyon. Wala pa itong naging katulad o makakatulad sa hinaharap. Kita n'yo? Iyon — ang nangyayari sa Mensahe ngayon ay, yaong mga nakatanggap Nito sa kanilang puso ay kailangang magbilad sa presensiya ng Anak (Son) para magpahinog. Kita n'yo? Maaari mong damputin ang Mensahe, at pagkatapos ay maaari mong painitan ka ng Anak upang mawalang lahat ang pagkahilaw mo (kita n'yo), at nang maging magulang kayong mga Cristiano. Nakikita ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin? Malapit nang dumating ang Diyos upang tanggapin ang Kaniyang Iglesia, at dapat ay magkaroon tayo ng ganoong uri ng mga Cristiano na tatanggapin Niya. Ang — trigo ay kailangang mahinog. Mabuti.

65 Ang tatlong dapat na ito, ay kailangang isagawa. Hindi dapat minamali ang pagpapaliwanag o mali ang paghawak Dito, maliin ang paliwanag, o maliin ang pagpupuwesto Dito. Kailangang panatiliin Ito kung paano talaga Ito sinabi ng Diyos. Sa sanlibutan, Ito'y isang Aklat ng hiwaga. Ang paniwala ng mga tao ay isa lamang Itong mahiwagang Aklat. Minsan ay kausap ko ang isang bantog na tao dito sa lungsod, na napakagandang kaniyang estado sa Cristianismo, at ang sabi niya,"Sinikap Kong basahin ang Aklat ng Apocalipsis isang gabi." Ang sabi, "Siguro ay kumain si Juan ng siling maanghang kaya binangungot siya." Kita n'yo, isang aklat ng hiwaga, ngunit

66 samantalang sa isang tunay na mananampalataya, Ito ang kapahayagan ng Diyos na ipinahahayag sa kapanahunang kinabibilangan natin.

Ang sabi Niya,"Ang Salita Ko ay Espiritu at Buhay." Sinabi iyan ni Jesus. Muli ay sinabi Niya, "Ang Salita ang Binhi na inihasik ng manghahasik." Alam nating iyan ay totoo. Ito ang Diyos sa anyo ng Salita, at Siya lamang ang maaaring makapagpaliwanag Nito. Hindi kaya ng kaisipan ng tao ang ipaliwanagang kaisipan ng Diyos. Paanong magagawa ng maliit na— isang maliit at limitadong isip ang magpaliwanag sa impinit na Isip, samantalang hindi nga natin magawang ipaliwanag ang isipan ng isa'tisa sa atin?

At ansinin ninyo, Siya lamang ang maaaring makapag paliwanag Nito, at ipinaliliwanag Niya Ito sa kanino mang naisin Niya. Hindi sinabing, "Ang mga taong mortal noong unang panahon sa paglalakad nila sa ibabaw ng lupa noong araw at sa iba't-ibang pamamaraan." Ang Diyos noong arawat sa iba'tibang paraan ay nagpahayag ng Kaniyang Sarili sa mga propeta. Kita n'yo?

67 At pakinggan. Kung kanino niya Ito ihahayag. . . At sinadya Niyang itago ang Sarili Niya sa Mga Kasulatan sa pinakamatalinong teologo. Ay, naku! Sadyang itinatago Niya ang Sarili niya, naroon lang Siya sa Mga Kasulatan, at kahit maghapon kang tumitingin ay hinding-hindi mo iyon makikita, kahit habang buhay kang tumingin ay hindi mo pa rin iyon makita. Magagawa Niyang ikubli ang Sarili Niya samantalang naroroon lang Siya.

Ngayon, pakiusap lang, sa lahat ng dako, hayaan ninyong bumabad iyan, na ang Diyos na nasa loob ng Salita ay nakapagtatago sa Salita hanggang sa walang sinumang teologo paaralan sa buong mundo ang makakasumpong sa Kaniya. Samantalang naririyan lamang Siya. Sasabihin mo, "Siyanga ba, Brother Branham?" Bakit ang mga Fariseo at mga Saduseo? Bakit gano'n ang nangyari sa ibang panahon? Siya ang gumawa niyon. Siyanga! Gayon ang ginawa Niya sa bawat kapanahunan. Ngayon, maaari nating siyasatin iyan. Isipin natin ang mga kaarawan ni Noe, isang napakatalino, intelektuwal na kapanahunan, kung paanong ikinubli Niya ang Sarili Niya sa naipangakong Salim. Sa mga kaarawan ni Moises, kung paano Niyang ikinubli ang Sarili Niya. Sa mga kaarawan ni Elias, kung paano Niyang ikinubli ang Sarili Niya. Sa mga kaarawan ni Jesus, kung paano Niya ikinubli ang Sarili Niya. ''Naparito Siya sa sanlibutan, at Siya ang lumalang sa sanlibutan, at hindi Siya nakilala ng sanlibutan. Siya'y naparito sa sariling Kaniya; at Siya'y hindi tinanggap ng sariling Kaniya." Kita n'yo?

68 Ikinukubli Niya ang Sarili Niya sa pinakamatalino, intelektuwaI na tao sa balat ng lupa.

Sasabihin mo,"Buweno, ito si Duktor, na amang banal na si Ganito at- siganoon." Kahit sino pa siya, ikinukubli ng Diyos ang Sarili Niya sa kaniya, at magpapahayag siya sa mga sanggol na nais matuto (kita n'yo?), mga sanggol ng Diyos, predestinadong binhi. 96 Isipin ninyo. Ang Makapangyarihang Diyos na nasa Sarili Niyang Salita, binubulag ang mga matatalino, mga aral na tao ng kasalukuyang kapanahunang ito, at hindi nila ito makita. Ang palagay nila ay isa lamang itong bungkos ng panatisismo. Tingnan mo Siya habang nakatayo Siya roon nagkukubli sa mga Pentecostal, sa mga Baptist, sa mga Metodista, sa mga Presbyterian: ipinahahayag ang Sarili Niya sa publiko, at nagpapakita ng iba'tibang mga bagay, inilalathala pa nga sa pahayagan, at mga bagay na gaya no'n, gayon man ay hindi pa rin nila makita iyon. Oh, ang Diyos natin, napakadakila, naghahayag ng Sarili Niya sa kanino mang nais Niya.

"Oh,"sasabihin mo,"Si BrotherJones, o si Brother ganito-at-ganoon, isa siyang — isa siyang dakilang tao. Mauunawaan niya ito." o, hindi! Ipapahayag Niya iyon sa kanino mang naisin Niya. Sasabihin mo, "Hindi iyon maunawaan ng asawa ko, Cristiano naman siya." Hinahayag Niya ang Sarili Niya sa sinumang naisin Niya. Kita n'yo? "Buweno, ang pastor ko ay isang dakilang tao." Tama 'yan, ngunit hinahayag Niya ang Sarili Niya sa sinumang naisin Niya! Ngayon, siyasatin ninyo kung ano na ang naihayag at kung ano ang nangyayari, at inyong — mauunawaan mo.

69 Ngayon, mapapansin natin kung gayon, masasabing Ito ay Aklat ng Diyos at hindi aklat ng tao. Kung ito'y sa tao . . . Ngayon, tingnan natin kung paano Nitong ipahahayag ang sarili Nito. Tingnan natin kung paanong inilalantad nito ang kasalanan ng taong sumulat Nito. Pansinin ninyo ang — ang taong nabuhay sa panahon Nito, si Abraham halimbawa. Tinawag siyang ama ng mga mananampalataya. Pansinin ninyo kung paanong . . . Sa palagay ba ninyo ay magagawa ni Abraham na isulat sa kaniyang aklat ang sarili niyang kaduwagan? Paano kaya niyang magagawa, sa palagay ninyo ang isulat ang ginawa niyang pagsisinungaling sa hari nang umagang iyon at sabihing kapatid niya siya samantalang asawa niya? Isusulat ba niya ang mga kaduwagang ginawa niya? Titiyakin kong hindi niya magagawa iyon.

Magawa kaya iyon ni Jacob, sa kaniyang pandaraya? Naging napakadaya ni Jacob. Magagawa kaya ng isang — isang — isang tao, ng isang Hebreo ang sumulat tungkol sa kaniyang kapatid na Hebreo, at sa kaniya ay isinunod ang pangalan ng buong Israel, magawa kaya niyang isulat ang tungkol sa kadayaan ng pinaka-ama ng buong bansa? Kay Jacob nagmula ang mga patriarka; nagmula sa mga patriarka ang mga tribo. At ang pinaka saligang-bato ng lahat ng iyon, ibinunyag siya ng Biblia bilang isang mandaraya. Tama ba 'yon? Sa palagay n'yo kaya ay magagawa ng taong isulat iyon? Hindi, po!

70 Paano naman kaya ang taong iyon na sumulat tungkol sa pinakadakila nilang hari sa balat ng lupa — isa siyang haring naputungan, si David — sa kaniyang pagkakasala ng pangangalunya? Magawa kaya ng mga Judiong iyon ang isulat na ang kanilang pinakamagiting na hari ay isang taong mapakiapid? Oh, mayroon tayong mga kasaysayang gayang nagsasaad na si George Washington ay hindi nagsinungaling kailan man, at iba pang mga bagay na gaya nito. Sinasabi nating — tinatawag natin iyang kasaysayan, ngunit ito ay isang tao — ang isang Biblia na nagsasabing si David ay isang taong mapakiapid, at siya ang hari ng Israel, isang taong mapakiapid na nakatakdang maging anak . . . si Jesus, upang maging Anak ni David, ang pinaka UluhangBato, at ang ama Niya sa laman ay isang taong mapakiapid. Ang mga Judio ay hindi kailan man susulat ng isang Aklat na gaya niyan. Isusulat kaya ng isang tao ang gayon

tungkol sa kaniyang sarili? Tiyak na hindi!

71 Paanong magagawa ng mapagmalaking bansang Israel (alam ninyo kung gaano silang kataas noon) — mapagmalaking bansang Israel,paroroon at magsusulat ng tungkol sa sarili nilang pagsamba sa mga diyus-diyosan, susulat tungkol sa paghihimagsik nila sa kanilang Diyos, susulat tungkol sa marurumi, nakapandidiri nilang mga gawa, at isusulat ang tungkol sa mga iyon sa isang aklat? Tunay na tinago nila iyon. Ang gugustuhin lang nilang ipakita ay ang mga mabubuting bagay. Ngunit ang Bibliang ito na — ay nagsasaad ng kung ano ang tama at kung ano ang mali. Ito'y. .. Sinuman ay nakababatid na hinding-hindi magagawa ng mga Judio ang sumulat ng tungkol sa sarili nilang karumihan, at pagsamba sa diyus-diyosan, at kabiguan, at lahat ng bagay nanangyari sa kanila. Hinding hindi nila isusulat ang gayon. Oh, hindi! Kung gayon ay sino ang sumulat Niyon? Ang sabi sa Biblia sa Hebreo 1:1: "Ang Diyos noong unang panahon at sa iba't-ibang pamamaraan, ay nangusap sa pamamagitan ng mga propeta." Kung gayon ay hindi iyon mga propeta. Hindi iyon mga taong mortal. Ang Diyos, hindi ang mga propeta noong unang panahon, kundi, "Ang Diyos, noong unang panahon, sa iba't-ibang pamamaraan. ay nangusap sa ating mga magulang sa pamamagitanngmga propeta." May isinulat akong isang Kasulatan dito. Hindi ko alam kung ano 1to: hindi ko matukoy Ito. Karaniwang kapag tumutukoy aka ng mga bagay na ito ay mayroon akong sinisiping Kasulatan. Hahanapin ko iyon sa loob lamang ng ilang sandali, kung pagpapaumanhinan ninyo ako. Iyon ay sa II Timoteo 3:16. A— a — ang akala ko'y maaalala ko iyon. ngunit ikinalulungkot ko. Titigil muna ako sandali para makita ko kung ano iyon.

72 "Ang Diyos noong unang panahon at sa iba't-ibang paraan ay nangusap sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta." Ngayon, II Timoteo 3: 16. Tingnan natin kung ano ang sinasabi rito sa 3: 16. Ang lahat ng mga Kasulatan . . . (Siyanga!) . . . na kinasihan ng . . . (Propeta ba? Hindi! Kinasihan ng ano?) . . . Dios, ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.

Kung gayon, ang lahat pala ng Kasulatan ay kinasihan. Si Jesus dito sa lupa ay nagsabi na ang langit at ang lupa ay lilipas ngunit ang Salita Niya ay hindi. Sinabi Niya na ang lahat ng Kasulatan ay matutupad. Kaya nga. ang Aklat na ito ay hindi aklat ng mga kasulatan ng tao; Ito ay Mga Aklat ng kasulatan ng Diyos.

73 Ngayon, alam nating hinirang ng Diyos sa pamamagitan ng predestinasyon ang Kaniyang Iglesia, ang Kaniyang lugar, ang Kaniyang propeta, at ang lahat ng tungkol dito. Sa pamamagitan ng kaniyang paunang kaalaman ay itinalaga Niya ang Kaniyang propeta. At nang sumapit ang kapanahunan, pinarating din Niya ang Kaniyang propeta sa pagkakataong iyon at kinasihan siya habang isinusulat Niya ang Biblia sa pamamagitan niya. Ngayon, ang Diyos ang sumulat ng Biblia, ginamit lang Niya ang propeta, dahil iyon ang paraan Niya ng pagsasagawa nito. Kaya makikita n'yo, hindi iyon salita. . . Kaya't kita n'yo, Salita Ito ng Diyos at hindi Ito salita ng tao.

74 Ang Diyos ay isang Persona. Magagawang Diyos na magsalita. Magagawa ng Diyos na mangusap. Magagawa ng Diyos na sumulat. Hindi Niya kailangang gawin iyon sa gayong paraan, ngunit iyon — iyon ang paraang pinili Niya. Hindi Niya kailangang gawin iyon sa gayong paraan ngunit iyon ang paraang pinili Niya. Ngayon ay sasabihin mo, "Isinulat ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang daliri, ng Sarili niyang maharlikang daliri, ang Sampung Utos. Kaya't magagawa ng Diyos na Siya na mismo ang magsulat Nito, kung nanaisin Niya." Kita n'yo? Nguni't mi — minabuti Niyang isulat Iyon sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta (kita n'yo), dahil iyon ang Kaniyang mga katangian, ang Kaniyang Salita, na ipinahayag Niya sa pamamagitan nila, dahil dito, ang lahat ng iyon ay bahagi Niya. (Kita n'yo?) Magagawa Niyang sumulat saPamamagitan ng Kaniyang daliri. Ginamit din Niya ang daliri Niya upang sumulat sa dingding ng Babilonya, "Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang." Nagsulat Siya sa pamamagitan ng Kaniyang sariling daliri.

75 Magagawa ngDiyos ang magsalita. Naniniwala ba kayong magagawa ng Diyos ang magsalita? Nakipag-usap Siya kay Moises doon sa bundok sa anyo ng isang nagliliyab na palumpong. Naniniwala ba kayo ro'n? Opo! Nakipagusap Siya kay Juan sa anyo ng isang kalapati. Naniniwala ba kayo riyan? Ang sabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na Aking kinalulugdang panahanan. Nakipag-usap Siya sa Kaniya. Nangusap Siya kay Jesus sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo sa harap nina Pedro, Santiago at Juan. Nakapagsasalita Siya. Hindi Siya pipi. Ang Diyos ay nakapagsasalita. Kaya't nangusap Siya kay — kay Jesus doon sa Bundok ng Pagbabagong- Anyo. At nangusap Siya kay Jesus sa harap ng napakaraming tao, nang Sabihin ng mga tao na, "Kumulog." Ngunit ang Diyos iyon na nangungusap kay Jesus. At halos sa kabuuan ng Mateo, Marcos, Lucas at Juan ay nangungusap si Jesus. Diyos Siya. Kaya't ang Diyos ay nakapagsasalita.

76 GinamitNiya ang sarili Niyang daliri at sumulat Siya sa buhanginan isang araw. Nagsalita Siya; nangaral Siya; nanghula Siya sa pamamagitan ng sarili niyang bibig — ginawa ito ng Diyos — nang maging laman Siya at nanahangkasamanatin,ang Diyosna nahayagsa laman. Kungmagagawa Niyang sumulat, magsalita, hindi kaya Niya magawang sabihin sa ibang tao kung ano ang dapat gawin? Tiyak na

magagawa Niya! 'Magagawa Niyang mangusap sa kanila sa tinig ng isang tao. Magagawa Niyang sumulat at ituro sa kanila kung ano ang dapat gawin. Nagawa na Niya ito. Kaya't ang Diyos, noong unang panahon at sa iba't-ibang paraan ay nangusap sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta. At sinabi Niya sa kasulatang ito na walang isa mang tuldok o kudlit man ang lilipas malibang Ito ay matupad, at kung magkagayon ay naipamamalas Ito. Kung gayon ay lilipas na Ito, sapagkat naipamalas na, at hindi na Iyon maaari pang lumipas kung magkagayon. Ngunit ang Salita Mismo ang nahayag sa laman. Ang isang tuldok ay isang "maikling salita." Ang kudlit ay nangangahulugang "isang maliit na tanda." Walang isa mang pantanda, isa mang pagsasaad, Anuman iyon, ang mabibigo sa Salitang Diyos. Hindi Ito mabibigo, sapagkat Ito ay Diyos, Diyos na naipamamalas sa anyo ng laman ng tao. Dahil ito ay Diyos Mismo sa anyo ng titik, sa anyo ng propeta, nahayag sa laman. Ngayon, iyan ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus,"Yaong mga nagsipangusap sa inyo, tinatawag ninyo silang mga diyos, yaong mga nagsipangusap sa inyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos," ang sabi; "at sila nga'y mga diyos." Ang mga propetang iyon kapag silay napahiran ng Espiritu ng Diyos at dinala nilang walang labis, walang kulang ang Salita ng Diyos, kung gayon ay mga diyos sila. Salitang Diyos ang nangungusap sa pamamagitan nila.

77 Magagawa Nitong . . . Magagawa lamang nilang magpaliwanag, kung pahihintulutan sila ng May Akda na magpaliwanag. Ngayon, kung nais ninyong makita iyan, iyan ay nasa II Pedro 1at 20 at 21. Mabuti. 'Pagkat ito . . . Kung saan ang Diyos . . . walang anumang pansariling tagapagpaliwanag, Siya ang gagawa ng Sarili Niyang paliwanag. Magsasalita ang Diyos at Siya rin ang magpapaliwanag Nito, pagkatapos ay ipapahayag Niya iyon sa sinumang naisin Niyang pagpahayagan, at ikinukubli iyon sa iba. Hindi Niya kailangang ihayag Iyon sa lahat, malibang naisin Niya. At hindi Niya . . . I — ipinahayag na Niyang lahat sa Mga Kasulatan; kaya't ang kabuuan ay naihayag na; lamang ay — Nakaupo lang Siya roon at pinanonood iyon habang iyon ay natutupad. Pinagmasdan Niya ang Katawan habang ito'y nabubuo at nagbabalik sa — sa anyo ng Nobyang muli. Mabuti.

78 Pinaniniwalaan Ito ng mga mananampalataya, gaya ni Abraham na tumuring sa mga bagay na sumasalungat Dito na tila baga wala ang mga bagay na iyon. 110 Ito rin, ang SalitangIto ay nakakikilalang mga lihim ng mgapuso, Mga Hebreo 4:12. Nakikilala nito ang lihim ng puso.

79 Hindi sa labat ng pagkakataon ay nauunawaan ng mga propeta ang isinusulat nila o ang sinasabi nila, kung hindi ay hindi nila sasalitain iyon sa anumang paraan, kung nauunawaan nila iyon. Kita n'yo? Ngunit ang sabi ng Biblia ay ikinilos sila ng Espiritu Santo. Ikinilos! Kapag pinakilos ka ng Espiritu Santo, kumilos ka. Ang tao . . . Ang Diyos noong unang panahon, sa iba't-ibang paraan ay nangusap sa mga propetang ikinilos ng Espiritu Santo. Iyan ang dahilan na sa labat ng kapanabunan.,ang mga taong espirituwal ay nagtatanong sa mga propeta tungkol sa mga panahon at kung ano ang napipintong maganap. Ang propetang-tagasulat ay dapat laging nakikipagugnayan sa May Akda. Kita n'yo? Dapat siyang mamuhay sa lahat ng pagkakataon sa presensiya ng May Akda upang malaman niya kung ano ang kalalabasan ng Aklat. Kita n'yo? Ang propetang-tagasulat, laging nakahanda ang kaniyang panulat anumang oras, laging nakikipagugnayan sa May Akda, iyon ay ang Diyos, upang magawa niyang isulat anuman ang iutos Niyang isulat. Kita n'yo? Nagpapakita kung anong uri ng buhay . . . Isang buhay na ibinukod mula sa kaniyang mga kapatid.

80 Ngayon, iyan ang dahilan kung bakit ang isipan ng propeta ay laging nakatuon sa kung ano ang sinabi ng Diyos, hindi sa kung ano ang palagay ng tao, kung ano ang palagay ng kapanahunan, kung ano ang palagay ng iglesia, kung ano ang palagay ng kaharian; kundi kung ano ang palagay ng Diyos. Ipinahahayag lamang niya ang mga kaisipan ng Diyos sa Salita, 'pagkat ang kaisipan ay isang salita kung ito'y naipahayag na. Nakukuha na ba ninyo ngayon? Ang Salita ay isang kaisipang naipahayag, kaya't ang mga propeta ay naghintay sa mga kaisipan ng Diyos. At kapag hinayag na ng Diyos ang mga kaisipan Niya sa kaniya, ipinahahayag niya iyon sa pamamagitan ng salita: ITO ANG SABI NG PANGINOON (kita n'yo?), hindi "Ito ang sabi ko, ang propeta, kundi ITO ANG SABI NG PANGINOON."Kita n'yo? Mabuti.

Iyon ang dahilan kung bakit nagawa nilang salangsangin ang mga kaharian at mga kapanahunan ng iglesia, at ang gawin ito sa kaarawan nila ay mangangahulugan ng parusang kamatayan. Sino ba ang makalalapit sa hari at sabihin sa kaniya ng mukhaan, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang ganito at ganoon ay mangyayari"? Mapupugot ang ulo mo. Agad kang ipapapatay ng iglesia 'pag ginawa mo iyan. Ngunit matapang ang mga propetang iyon. Bakit? Sila ay pinakilos ng Espiritu Santo (kita n'yo?), at sila'y — iyon ang dahilan kung bakit tumatapang sila. At isinulat nila ang — ang walang kabiguang Salita ng Diyos.

81 Marami ang nagsipanggaya sa mga propetang iyon, gaya ng mga saserdote at iba pa. At ano ang ginawa nila? Nagkalat lang sila, 'yon lang. Hindi nila iyon magaya, dahil pinili na ng Diyos ang isang lalaki para sa panahong iyon, at pinili na Niya ang Mensahe; at maging ang kalikasan ng lalaking iyon at kung ano ang makatatawid sa kapanahunang iyon — kung ano ang maaari Niyang itawid at kung paano Niyang . . . Sa pamamagitan ng kalikasan ng lalaking iyon, magagawa Niyang bulagin ang iba. Ang mga sasalitain ng lalaking iyon, ang paraan ng pagkilos niya ay bubulag sa iba at magmumulat ng mata ng iba. Kita n'yo? Bibihisan Niya ang lalaking iyon ng isang uri ng bihis, ang kalikasan niya, ang ambisyon niya, at

lahat ng kailangang taglayin niya, piling-pili para sa uri ng mga taong tatawagin niya para sa panahong iyon. Habang ang iba ay tatayo roon, at titingnan siya, at sasabihin, "Buweno hindi ko .. .Mayroong . . .Hi — hindi ko . . ." Nakikita ba ninyo, binulag sila.

82 Ganoon ding naparito si Jesus, nabihisan — ang imortal na Diyos na nabihisan ng katawang tao, at dahil isinilang Siya sa isang sabsaban, sa isang kuwadrang punung-puno ng dumi ng hayop, walang lugar na mapaghiligan ng Kaniyang ulo, isinilang, ipinalalagay na isa Siyang bastardo . . .Kita n'yo? Labat ng bagay na iyon na bumubuo sa katauhan Niya, at kung paanong lumaki Siyang isang anak ng karpintero, kung paanong wala Siyang aral, sa turing ng sanlibutan, ayon sa karunungan ng sanlibutang ito, wala Siyang kinalaman doon. Alin mang bahagi ng kabihasnan, edukasyon, o anumang bahagi ng sanlibutang ito, wala Siyang kinalaman dito, dahil Siya ay Diyos. Magbabanggaan ito.. Kung susubukan Niyang pumasok sa isang seminaryo kung saan at mag-aaral Siya ng isang bagay na ginagawa ng mga iglesiang ito, ano ba ang — aba, hindi ito — aba, ni hindi nga ito — ni hindi ita tutugma sa Kaniyang pang-unawa, dahil Siya ay Diyos. Kaya't ang edukasyon, ang pagaaral, mga seminaryo, at ang mga bagay-bagay ay salungat na salungat sa kalooban ng Diyos. Ang kabuuan ng sistema ng edukasyon ay salungat sa Diyos. Lahat ng bagay ay nagtuturo sa mga tao upang lumayo sa Diyos sa tuwina. Kapag naririnig kong nagsasabi ang isang tao na siya ay isang Duktor, Ph.D., L.L.Q., lalo lang siyang nalalayo sa Diyos para sa akin. Kita n'yo? Lalo lang siyang nagpapakalulong sa edukasyon at lalong nalalayo sa kung ano talaga ang nais ipagawa sa kaniya ng Diyos. Tama 'yan.

Pansinin ninyo kung paano silang ikinikilos ng Espiritu Santo.

83 .Ngayon, hindi ibig sabihin niyan na hindi na makapapasok ang isang edukadong tao. Tingnan n'yo si Pablo. Sa palagay ko'y wala nang tatalino pa kay Pablo sa panahon niya, si Pablo na dating si Saulo na taga-Tarso. Nag-aral siya sa ilalim ng pagtuturo ni Gamaliel, isa sa pinakamahusay na guro sa panahong iyon, mahusay, istriktong. Hebreo, kabilang sa Fariseong denominasyon; at si Pablo ay sinanay sa ilalim ng pamamahala niya. Kabisado niyang lahat ang mga relihiyon ng mga Judio; ngunit nang mapunta siya sa iglesia, ay sinabi niya, "Hindi ako napariyan sa inyong taglay ang aral ng tao at ng iba pa; dahil kung gagawin ko iyan, ay baka diyan ninyo isalig ang inyong pagtitiwala. Ngunit napariyan ako sa kapangyarihan at manipestasyon ng Espiritu Santo, upang ang pananampalataya ninyo ay masalig sa Diyos." Hayan ka na. Tama 'yan.

84 Marami ang sumubok na manggaya sa mga taong ito, subalit nagkakalat lang sila gayanang ginagawa nila ngayon.

May isang lumitaw bago pa dumating si Jesus at nailigaw niya ang apat na raang katao. At alam ninyo kung paanong isinasaad ng Mga Kasulatan ang mga bagay na ito, sinusubok na gawin iyon bago pa dumating ang takdang panahon. At ilan sa kanila ang sumubok na manggaya Kaniya, at lahat sila'y si ganito, si ganoon, at iba pa. At sinabi Niya na sa mga huling araw ay magsisilitaw ang mga bulaang Cristo sa mga huling araw, at mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga tanda at kababalaghan Mayroon na tayo ng lahat ng iyon. Kita n'yo? Nguni't hindi. nangangahulugang wala nang tunay. Mas lalo lang pinasisikat niyan ang tunay, sapagkat mayroon tayong tunay na Cristo, at hindi bulaan.

85 Ngayon, ngayon, napapagtanto natin kung gayon na ang Diyos ang nagsusugo sa Kaniyang mga propeta. Iyon ang Kaniyang paraan ng pagpaparating ng Kaniyang Salita sa mga tao, sa pamamagitan ng mga bibig ng Kaniyang mga propeta. At pansinin ninyo, alam n'yo, ang sabi ni Moises, kung nais ninyong basahin 'yon. . . Sa Exodo ika 4 na kabanata, ika-l 0 at sa ika-12 talata, ang sabi ni Moises ay nangusap ang Diyos sa kaniya. Nakipagusap ang Diyos sa tao ng bibig sa tainga, at ang sabi Niya . . . "Mabagal akong manalita." Ang sabi ni Moises. "Hindi ako karapat-dapat; Hi — hi — hindi ako maaaring pumaroon."

Ang sabi niya,"Sino ba ang nakapagpapasalita sa tao o Sino ba ang pumipipi sa kaniya? Sino ba ang nagmumulat ng kaniyang mata., o Sino ba ang nagbibigay sa kaniya ng pandinig? Hindi ba't Akong Panginoon?" Ang sabi, "Ako'y sasaiyong bibig." Kita n'yo? Kaya't . . .

At ang sabi ni Jeremias, kung nais ninyong basahin iyan sa Jeremias 1:6, sinabi ni Jeremias na, "Inilagay ng Diyos ang mga salita sa aking bibig." Kita n'yo? Na — nangusap Siya ng bibig sa tainga sa isang propeta at nangusap Siya sa pamamagitan ng isa pang propeta, at hindi niya iyon mapigilan at nangusap Siya sa pamamagitan ng kaniyang bibig.

86 May paraan Siya ng pagpapalabas ng Kaniyang Salita, alam n'yo. Siyanga, po! 121 Kaya't makikita n'yo, na ang Biblia ay Salita ng Diyos, at hindi salita ng tao. Ang sabi ni Moises, "Nangusap sa akin ang Diyos sa pamamagitan ng isang tinig, at pinakinggan ko Siya. Isinulat ko kung ano ang ipinangusap Niya."

Ang sabi ni Jeremias, "Hindi ako marunong magsalita, at nasumpungan ko na lamang ang sarili kong nagsasalita, at — at — at nagsusulat." Nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng kaniyang mga bibig, at naganap nga iyon. Si Daniel, si Isaias, at ang iba pa, lahat ng mga propetang iyon ay halos magkakatulad.

87 Alam n'yo, sa Lumang Tipan lang, ay mahigit na dalawang libong ulit na sinabi ng mga propeta ng Diyos ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, kapag sinabi ng isang tao ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi ang taong iyon ang nagsasalita. Kung siya iyon. ay hindi siya maaaring maging isang propeta, dahil isa siyang mapagpaimbabaw (kita n'yo?); 'pagkat hinding-hindi mangyayari iyon. Isang tsansa lang sa sampung daang libong ulit (kita n'yo?) maaaring makatsamba sil:i ~gunit kung ito'y totoong ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Panginoong Diyos ang nagsabi niyon, kung sasabihin kong, "Ito ang sabi ni Orman Neville. . ." Sasabihin ng kapatid ko, "Ito ang sabi ni G. Mann. .." Kung sasabihin ko, "Ito ang sabi ni Brother Vayle," dito o kaya'y ang iba pa sa mga kapatid na kalalakihang ito, sino man sa inyo, ay sinasalita ko kung ano ang ipinangusap ninyo. At ang mga lalaking iyon bilang mga propeta ay nagsasabi, "Hindi ako iyon. Wala akong kinalaman doon, ngunit iyon ay ITO ANG SABI NG PANGINOON." Kaya't ang Biblia ay ITO ANG SABI NG PANGINOON sa pamamagitan ng mga propeta.

88 Pansinin. Sumakanila ang Espiritu ni Cristo at nagawa nilang ihula ang mga pangyayaring magaganap. Kung ang pag-uusapan ay ang panghuhula, natukoy nila kung ano ang magaganap sa loob ng mga kapanahunan habang nakaupo sila, o nakatayo, o nakahiga, o habang naglalakad silang kasama ang Espiritu ni Cristo, hanggang sa kung kumilos sila ay para silang si Cristo. At ang akala ng mga mambabasa ay nangungusap ang mga propeta tungkol sa sarili nila. Naaalala ba ninyo ang lalaking bating nang basahin niya ang Isaias 53:1, tungkol sa kung paanong "Na — nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang, binugbog Siya dahil sa atingmgakalikuan,ang parusang atingkapayapaanay napata"l' sa Kaniya, sa Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo?" Ang sabi ng Bating kay Felipe, "Sino ba ang tinutukoy ng propeta, ang sarili ba niya o ang ibangTao?" Nangusap ang propeta na tila baga siya iyon

89 Tingnan ninyo si David na tumatangis sa Espiritu,"Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?" Ang mga buto ko ay nagmamasid sa akin — (sa akin, kay David!). Binutasan nila ang aking mga paa at ang aking mga kamay (si David!). Binutasan nila ang mga paa't kamay ko, ngunit hindi Mo iiwan ang aking kaluluwa sa hades, at hindi Mo rin hahayaang makakita ng kabulukan ang Iyong Banal," na tila baga sinasabi ni David na siya ay banal. Iyon ay ang Anak ni David, ang may buhay, na espirituwal na Binhi na napipintong dumating doon. Bagama't si David ay isang amorseko, sa loob niya ay may butil ng trigo. Nakukuha ba ninyo? Kaya't ang buong Biblia ay hindi salita ng tao, at hindi rin naman Ito isinulat ng tao, o dinala ng tao, at hindi rin Ito — maaaring ipahayag ng tao. lto ay Salita ng Diyos na ipinahahayag ng Diyos din Mismo, ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag. Si Cristo na naghahayag ng Kaniyang Sarili sa Kaniyang Sariling Salita.

90 Tingnan n'yo si Cristo na nakatayo roon sa katauhan ni David. Ni hindi na makapag-isip si David. Nawala na siya sa sariling pag-iisip. At nakabayubay Siya sa krus, gaya ng nakikita ninyo sa estatwang ito. nakabayubay sa krus, tumatangis, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan? o, ang mga buto ko; ay nakatitig sa Akin. Tinulos nila ang Aking mga kamay at paa. Sinibat nila ang Aking tagiliran.'" Kita n'yo? "Bakit napakalayo Mo sa Akin? Ang mga toro ng Bashan ay nagdaratingan, nagdaraan sila, nakataas ang kanilang mga noo, nagsasabi, 'Nagtiwala siya na ililigtas siya ng Diyos; tingnan natin ngayon, kung ililigtas nga Niya siya. '" — ipinangungusap ang ganoon ding mga salita. Kaya' t makikita ninyo, nang ang Diyos ay maipamalas dito sa lupa, ay binigkas Niya ang mga salitang binigkas ni David. Nakukuha ba ninyo" Kaya't makikita ninyo, na hindi ito salita ng tao, lto'y Salita ng Diyos. Iyon ay ang Diyos na nakay David. Hindi iyon si David; hindi niya alam kung ano mga sinasabi niya; lubos siyang napasa Espiritu. Ganoon din ang nangyari kay Moises. Lubos siyang napasa Espiritu, lumampas siya sa dimensiyong kinabubuhayan niya, at tumayo siya roong mukha sa mukha, sa harap ng nagliliyab na palumpong, nakikipag-usap sa — sa — sa Diyos Mismo. Ang sabi, "Hubarin mo ang iyong pangyapak. Ang lupang tinatayuan mo Ay lupang banal." Mailalarawan ninyo sa isipan ninyo, nang umalis si Moises doon ay naisip niya, "Ano'ng nangyari? Ano ba ang naganap? Ano iyon?" Ang sabi, "Pumaroon ka sa Egipto, Ako'y sasaiyo." Ang sabi niya, "Napakatotoo nito sa akin, kailangan kong pumaroon." Kinuha niya ang asawa niya at mga anak, at — at ang anak, pala, niya, at hawak ang tungkod niya ay pumaroon siya sa Egipto upang palayain ang kaniyang bayan. Kita n'yo?

91 Ang Diyos Mismo ang nangungusap sa pamamagitan ng mga propeta.

Kita n'yo, sila'y — sila'y walang pasubaling. . .Hindi iyon mga propeta, iyon ay ang Diyos, dahil kung ang mga propeta lang sa kanilang mga sariIi, ay hindi nila magagawang sabihin ang mga bagay na iyon. "Sino ang naniwala sa aming ulat?" Nagtatanong si Isaias, kita n'yo. "Sino ang naniwala sa aming ulat! Kanino ba nahahayag ang bisig ng Panginoon? Lalaki Siya sa ating harapan tulad sa isang guyang baka sa isang — sa isang kulungan . . ." At kung paanong . . . "Gayon ma'y nasugatan siya dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kalikuan, ang parusa ng ating kapayapaan ay inako Niya; sa Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." Pinagaling na pala tayo noon pa man sa panahong iyon, ni Isaias, noon pa pala, walong daang taon bago dumating si Cristo. Kita n'yo? "Sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling (pangnagdaan) na tayo." Ay naku, talagang sakdalna sakdalang Salitang Diyos. Magtiwala kayo Rito, mga kaibigan; Ito lamang ang maaaring magligtas sa inyo.

92 Ang lahat ng iba pang Salita, kahit pa gaano kahusay ang pagkakalagay nito, kahit pa — kanino ito magmula, anumang denominasyon ang pagmulan nito, o gaano man katalino ang taong mangungusap

niyon, walang pasubaling dapat itong bale-walain, sampu ng anumang bagay na salungat sa Salita. Kung nais ninyong isulat ang talatang iyon, iyon ay sa Galacia 1:8. Kita n'yo? Ang sabi ni Pablo, "Kahima't kami o isang anghel mula sa Langit ang mangaral ng ibang ebanghelyo maliban sa naipangaral na, masumpa siya." Sa ibang pangungusap, kung may anghel na bababa sa inyo mula sa Langit, isang nakasisilaw, nagliliwanag na anghel, at tatayo (Naku, eh, iyan pala ng magandang pain para sa araw na ito, hindi ba?) — isang nagliliwanag na anghel, ang papanhik doon at tatayo, at magsasalita ng mga bagay na salungat sa Salita, ang dapat mo palang sabihin ay, "Satanas, layuan mo ako." Tama 'yan. Kahit obispo pa siya, o kung isa siyang ...ano pa man siya, huwag na huwag mo siyang paniniwalaan kung hindi siya mangungusap ng katugmangkatugma ng Biblia, salita sa salita. Manmanan n'yo siya, dadalhin niya kayo sa Biblia. Dadalhin niya kayo sa isang lugar at pagkatapos ay ikakawit iyon doon. Kapag nakita mong may isang bagay na sinabi ang Biblia at pagkatapos ay nilalampasan niya iyon, bantayan mo siya doon. Kita n'yo, ganoon ang ginawa niya kay Eva. Dumating siya at sinipi niya ang lahat nang tamang-tama. "Buweno, sinabi iyon ng Diyos. Tama iyon, Eva. Amen, pareho tayong naniniwala riyan." "Buweno, ganito ang sabi ng Diyos." "Amen, pareho tayong naniniwala riyan." "Ganito ang sinabi ng Diyos." "Naniniwala tayo riyan, siyanga." "Buweno, ngunit sinabi ng Diyos na mamamatay kami."

"Buweno ngayon, alam mo, isa Siyang mabuting Diyos." Hindi naman Niya sinabing hindi Niya gagawin iyon, alam mo. ''Ngunit tiyak namang. . ." Ay, naku! Hayan na siya. At kung ganoon siya kadaya, at sinabi sa Biblia na sa huling mga araw ay tatangkain niyang dayain ang Hinirang kung maaari lang, saan kaya tayo dapat lumagay ngayon, mga kaibigan. Ngayon, ang mga mumunting araling ita ng Panlinggong paaralan ay — dapat nating dalhin nang napakalapit, alam n'yo, sa ating puso, upang Makita natin . . . Kailangan nating makinig nang masusi at nang makita natin kung gaano kadaya ang bagay na iyon.

93 Pansinin, hindi maaari, at hindi tayo dapat nakikinig, sa salita ng sinumang ibang tao. Kahit pa gaano siya katalino, o ka-edukado. Ang Biblia sa Mga Kawikaan ay nagsasabi na kailangan nating iwaksi ang mga pangangatwiran. Kita n'yo? Ngayon, dito sa ikalawang daigdig na ito. . . Ang unang daigdig ay ang inyong mga pandamang paningin, panlasa, pandamdam, pangamoy, at pandinig; iyon ay sa iyong panlabas na katawan. Sa panloob na katawan, na siyang espiritu, naroroon ang pangangatwiran, at pag-iisip, at iba pa. Dapat nating iwaksing lahat iyon. Hindi tayo maaaring mangatwiran at sabihin narin, "Ngayon, teka muna, kung ang Diyos ay mabuti . . ." At lagi na lang sinasabi sa atin sa ara" na ito na gayon nga Siya. "Kung Siya ay isang mabuting Diyos, kung gayon, kung magiging tapat pala ako, bagama't hindi ko makita sa Biblia na tama ang bagay na iyon, ngunit kung sinsero ako, ay maliligtas pa rin ako." Mapapahamak ka. 131 Kung magsisimba ako at gagawin ko ang mga bagay na sapalagay ko ay tama at manghahawakan ako sa kung ano ang iniisip kong tama, buweno ako'y. . ." Mapapahamak ka pa rin. "May daang tila baga tama para sa tao, datapuwat ang dulo noon ay daan ng kamatayan." Kita n'yo? Hindi ka maliligtas, mapapahamak ka. Kita n'yo, kita n'yo? Dapat yaong nasa loob ang kumukontrol.

94 "Buweno, nakapagsalita na ako ng iba't-ibang wika, Brother Branham. Buweno, hindi ka ba naniniwala sa pagsasalita ng ibang wika, Brother Branham?" Paniwalang paniwala! "Buweno, sumigaw ako, hindi ka ba naniniwala ro'n?" Opo! "Namumuhay ako bilang isang mabuting Cristiano, hindi ka ba naniniwala sa ganoon?" Opo! Ngunit hindi pa rin nangangahulugan iyan na ligtas ka na. Isa kang mabuting tao, malinis, mataas ang moral, banal, mabuting tao; ganoon din naman ang mga saserdoteng iyon, mga totoong relihiyoso, napakarelihiyoso nila na kung may isang magkakamali,ay pinababato nila hanggang mamatay. Ang parusa sa pakikialam sa Salita ng Diyos ay kamatayan.

95 Iyan ang nangyayari sa bansa natin ngayon. Ang dahilan kung bakit napakarami ngayong mga bagay na maluluwang sa lupa, ay dahil ang mga kaparusahan ngayon ay hindi gasinong matindi. Kung mahuhuli ang isang lalaki sa pakikiapid sa asawa ng ibang lalaki, dapat ay kapuwa sila ilabas sa publiko at kapunin sila sa harap ng publiko, bago sila pawalan. Tama 'yan. Kung mahuhuli ang isang lalaki na gumagawa ng mali sa kalsada, sobrang bilis ng patakbo, hindi dapat bumaba sa sampung nang maging pagkakulong niya; siya ay . . . iyon ay binalak na pagpaslang. Kita n'yo? Kung magpapataw ka ng ganiyang mga kaparusahan, tiyak na babagal ang mga iyon. Ngunit kung may baluktot na pulitiko na makakahawak sa isang iyon, at palalampasin siya, at sasabihin, "Buweno, medyo nakainom siya, siya ay — hindi naman niya sinasadya iyon . . ." At makakapatay siya ng isang lalaki, at ng asawa niya, at lahat ng mga inosenteng anak nila, at pagkatapos ay hahayaang makalusot ang Ricky na iyon, iyan ay pulitika. Iyan ay sanlibutan; iyan ay ang diablo.

96 Ang sabi ng Diyos, kapag daw ang isang lalaki ay nahuli sa salang pakikiapid, o kaya'y ang babae, dalhin daw sila roon at ipabato hanggang sa mamatay. Tapos. Kita n'yo? Kung mahuhuli ka ngang namumulot ng — ng panggatong sa araw ng Sabbath, "Dakpin siya at batultin!" Ipinatupad nila iyon. At ngayon, kita n'yo, wala tayong ganiyang uri ng mga batas ngayon, subalit ang Cristiano, ang iglesia, ang kinakausap ko sa umagang ito, ang batas ng Diyos ay nasa inyong puso Kita n'yo? Wala kayong pagnanasanggawin iyon. Naririto iyon sa loob nais mong tuparin ang kautusan ng Diyos nang sakdal na sakdal. Kahit ano pa iyon, nais mong sumunod sa kung ano ang nais . . . Kung — kung kakailanganin ng Diyos ng pamunasan ng paa sa pintuan, at nais niyang ikaw ang maging pamunasan, magiging maligaya kang maging gayon. Kahit ano pa iyon, nanaisin mong maging isang pamunasan. Kita n'yo? Anuman ang

nais ipagawa sa iyo ng Diyos, iyon ang nanaisin mong gawin, dahil Diyos iyon. Ngayon, diyan mo talaga masusumpungan ang tunay, totoo, at tapat na pag-ibig mo sa Diyos.

97 Ngayon ay nakita natin na kung may anghel na mangangaral ng anumang bagay maliban sa kung ano na ang dumating sa — sa kung ano ang nakasaad na sa Biblia, masumpa siya. Walang maaaring gumawa no'n; dapat ay kung ano talaga ang isinasaad Nito.

At muli ay mababasa natin sa Apocalipsis 22:18 at 19: "Kung ang Sino man ay magdagdag ng isa mang salita Dito o magbawas ng isang salita Rito, ay aalisin ng Diyos ang bahagi niya sa Aklat ng Buhay." Tama 'yan. Aalisin ng Diyos ang bahagi niya, kahit pa isa siyang ministro, o anuman siya at ang kaniyang salita — ang pangalan niya ay nasa Aklat ng Buhay, ang sabi ng Diyos, "Buburahin ko iyon (tama 'yan.) kung magdaragdag siya ng anuman Dito, o magbabawas siya ng isa mang salita Rito." Ganiyan ginawa ng Diyos ang Kaniyang Salita, hindi nabibigo. Kita n'yo? Maaari kayong magdagdag sa iglesia o magbawas sa iglesia, ngunit hindi kayo maaaring magdagdag sa Salitang Iyan o magbawas man, 'pagkat papawiin ng Diyos ang pangalan sa Aklat ng buhay. At iyan ang — tapos ka na 'pag nangyari iyon. Kita n'yo? Hindi maaaring magdagdag Dito o magbawas man. Iyan nga ang . . .

98 Hindi na Ito nangangailangan pa ng tagapagpaliwanag, dahil ang sabi ng Biblia ay ang Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niya. "Hindi ito nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag," ang sabi ni Pedro. Mabuti.

At lahat ng Kasulatan ay ipinagkaloob ng Diyos, isinaayos ng Diyos at ang kabuuan nito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Ang Bago at ang Lumang Tipan, kung saan ay naihulang darating Siya, at kung ano ang gagawin Niya kapag dumating na Siya, at kung ano ang gagawin Niya sa darating na kapanahunan . . . Kaya't lalabas na Siya ay tulad kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n'yo? Gaya rito sa Mga Taga-Hebreo nang isulat ita ni Pablo. Diyos Siya, si Jesus Cristo kahapon ng Lumang Tipan. Siya'y si Jesus Cristo ngayon, na nahayag sa laman, at Siya si Jesus Cristo magpakailan man sa Espiritu na darating (Kita n'yo, kita n'yo?), tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. At Siya'y nabubuhay upang isabuhay ng Kaniyang Salita kung ano ang sinabi Nitong gagawin Nito para sa kapanahunang iyon. Siya ay buhay.

99 Buhay Siya sa Lumang Tipan, naipamalas.

Ngayon, nais ko lang na — naipakita sa inyo ang isang maliit na bagay dito kung makapagtitiis kayo. Masdan! Nang si Jesus ay maipamalas sa Lumang Tipan gaya ng pinaniniwalaan natin . . . Ngayon, kayong mga mangangaral diyan sa labas, maaari kayong makipagtalo rito, gawin ang anumang naisin ninyo, ngunit ako'y nangungusap mula sa aking — kung ano ang iniisip ko. Kita n'yo? 140 Nang si Jesus ay maipamalas sa Lumang Tipan, sa isang teophany, sa katauhan ni Melquisedec, hindi isang pagkasaserdote, kundi ang Persona. ang Tao . . . Kita n'yo? Sapagkat ang Taong ito ay hindi pa ipinanganganak. datapuwat Siya ay nasa isang teophany kaya't wala Siyang ama at ina.. Siya ang Diyos Mismo. Nahayag Siya sa anyo ng isang Tao na tinawag na Hari ng Salem, na siyangHari ng Kapayapaan at Hari ng Katuwiran. Kita n'yo Siya si Melquisedec. Wala siyang ama o ina man, walang pasimula ng kaarawan o katapusan man ng buhay. Kita n'yo? Si Jesus iyon na nasa isang teophany sa anyo ng isang tao. Nakukuha ba ninyo iyon? Mabuti.

100 Pagkatapos ay naging katawang tao Siya at nanahang kasama natin sa katauhan mismo ni Jesus Cristo, na isinilang ng birheng si Maria. Naparito Siya sa anyong iyon upang mamatay Siya, at nagbalik Siya sa Langit Ngayon, sa huling mga araw na ito ay nangako Siyang ipamamalas Niya ang Sarili Niya sa Kapuspusang muli ng Kaniyang laman sa Espiritu? Kita n'yo? Dahil kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, ay gayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao. Ngayon, tingnan ninyo ang Sodoma kung ana ang lagay nito, kung ano ang naganap, at si Jesus Cristo ay naipamamalas sa anyo ng isang katawan ng Kaniyang Iglesia sa araw na ito (kita n'yo?), gumagawa ng gayon ding mga bagay, gayon ding mga gawa, ang gayon ding mga gawang ginawa Niya sa lahat ng pagkakataon, hindi nagbabago, Yaong Walang hanggan. Kita n'yo? At sa ibabaw ng lupa ngayon ay ipinamamalas Niya ang Sarili Niya sa mga katawang tao, ang mga katawang tao natin na tinawag Niya, at ginawa Niya ang mga gawang ginawa Niya noong unang panahon, at sa panahon ng Kaniyang laman sa ibabaw ng lupa. At gayon din ang Kaniyang ginagawa ngayon, sapagkat ang Diyos noong unang panahon ay nangusap sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, at sa huling araw na ita ay sa pamamagitan ng KaniyangAnak, na si Jesus Cristo (kita n'yo), angAnak na naipahahayag sa mga huling araw, ang Diyos na naipapamalas sa laman ng tao, naroon bago mawasak ang Sodoma, ang katapusan ng daigdig ng mga Hentil. Nakikita ba ninyo ito? May tatlong pagpapamalas.

101 Ngayon, ang kasunod na mangyayari, ay kapag natipon nang lahat sa iisang Persona, kay Jesus Cristo, Nobya at Katawan sa pisikal na pagbabalik ng Panginoong Jesus, na siyang gaganap ng tatlong pagparito Niya sa lupa, pinaslang, ipinako sa krus, ibinangon, ipinamalas ang Kaniyang Sarili sa anyo ng Kaniyang Katawan, na walang iba kundi ang Kaniyang Nobya, ang Babae. Nakukuha ba ninyo? Siya ay bahagi ng Kaniyang Katawan. At ang babae at ang lalaki ay magkatulad na magkatulad. hanggang sa halos ay — magkatulad sila — dapat silang maging magkatulad. Hayan na sila. Kita n'yo? Naipapamalas

silang magkatulad. Siya ay bahagi niya, sapagkat hinugot Siya mula sa Kaniya. At ang Nobya ngayon ay hinugot mula sa katawan ni Cristo, na kumikilos at isinasagawa kung ano ang sinabi Niyang gagawin Nito sa araw na ito, ang Nobya, ang Reyna. ang Hari at Reyna. Mabuti. Tinatanghali na tayo kaya't kailangan na nating magmadali para matapos tayo.

102 Mabuti.

Ang buong Biblia ay ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo, ipinakikilala ang Sarili Niya sa bawat kapanahunan. Ipinakilala Niya ang Sarili Niya sa kapanahunan ni Luther bilang patibayan. ang iglesia, ang paa, ang binti, gaya ng ginawa Niya kay Haring Nabucodonosor. Naaalala ninyo kung paano niyang napanaginipan ang mga panaginip na iyon. Nagsimula iyon sa ulo pababa. Kita n'yo? Ngayon naman ay pumapanhik Siya mula sa paa pataas. Kita n'yo? Sa kaharian ng Babilonia ay ipinakita Niya ang lahat ng iyon sa Lumang Tipan, nagsimula Siya mula sa ulo pababa hanggang sa makarating Siya sa Diyos Mismo sa paanan ng hagdan. Ngayon, dito sa Bagong Tipan, ibinabalik Niya ang Sarili Niya pabalik muli sa ulo, ang Ulong ginto upang Siya'y maputungan. Kita n'yo? Tingnan n'yo, nakukuha ba ninyo? Kita n'yo, ang Diyos ay naroon sa pasimula; at bumaba Siya nang bumaba sa pamamagitan ng mga propeta, pababa nang pababa hanggang sa ang Diyos mismo ay maging taong katulad natin, doon sa pinaka paanan ng hagdan, isang sanggol na isinilang sa isang sabsaban, kinamuhian, itinakwil, hinamak, at pinasama ang pangalan, at lahat na ng kung ano Siya. Pagkatapos ay nagsimula Siyang pumanhik (kita n'yo), at mula sa paa ay sinimulan Niyang itayo ang Iglesia, ang Nobya, pabalik, pataas nang pataas, at ngayon ay patungo na sa Pangulong Bato, kung saan ang lahat ay nakakabit at nabubuo ang isang dakilang nagbagong-anyong Katawan ni Jesus Cristo.

103 Ang Diyos ay naihahayag sa bawat kapanahunan sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita para sa kapanahunang iyon. Ngayon, tunghayan lang natin ang ilan sa mga pangako Niya para sa araw na ito habang nagtatapos tayo ngayon sa huling mga pananalitang ito.

Ngayon hinahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa oras ng panggabing Ilaw.

Tingnan natin ngayon. Nakikita natin . . . Mayroon akong mga Kasulatang isinulat dito, gayang nakikita ninyo sa pahinang ito, kung gaano karaming Kasulatan ang nakasulat dito, ngunit labing limang minuto na lang ang at magiika-labindalawa na. Nais ko nang lumabas, at hindi pa ako namamaos sa umagang ita sa kasasalita. Kung minsan, ang mga air conditioner na ito ang nagiging sanhing pamamaos ko, kaya kung si Brother Neville ay hindi . . . Wala ka bang inihahanda para mamayang gabi? [Kinausap ni Brother Branham si Brother Neville -Ed.] Buweno, kung buweno, ako'y . . . kung mamabutihin mo, ay mayroon sana akong nakahanda. Nakapulot ako ng isang kaha ng sigarilyo, noong isang araw, doon sa kagubatan, at nakakuha ako ng mensahe mula sa kaha ng sigarilyo para mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Kita n'yo? Kaya't heto ang mga Kasulatang ito, at ayaw kong lumabis tayo sa oras nang sa gayon ay makabalik kayo.

104 Isang kaha ng sigarilyo, ang nangusap. Mabuti.

Pababa na ako at nag daan ako sa kakahuyan, at may nakalapag doong isang kaha ng sigarilyo. At nagpatuloy ako sa paglakad, sa loob-loob ko, "Buweno, may nauna sa akin." At May nagsabi, "Bumalik ka at pulutin mo iyon." Sa loob-loob ko, "Pulutin ang isang kaha ng sigarilyo? Hindi ako." May nagsabi, "Bumalik ka at pulutin mo ang kaha ng sigarilyo." At nagpunta ako ro' n; at naroroon nga ang basyong kaha ng sigarilyo, at may nakita ako roon. Sasabihin ko iyon sa inyo mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Mabuti.

105 Ngayon naman ay mangungusap tayo tungkol sa panggabing Liwanag sa loob lamang ng ilang sandali. Hinula ng Biblia na darating ang panahon, sa pagpipinid ng panahon na sisikat ang araw, at magkakaroon ng panggabing Liwanag. Alam nating lahat iyon, hindi ba? Tayo — tayo'y — pamilyar tayo sa Mensahe natin ngayon mula sa ating Panginoong Jesus, naniniwala tayong magkakaroon ng panggabing Liwanag. At ang panggabing Liwanag na ito . . . Anupa't ang dakilang Liwanag ay daratingkapag si Jesus Mismo ay naipamalas na rito sa ibabaw ng lupa, o doon sa kalangitan, itinatanan ang Kaniyang Nobya. at pagkatapos ay magpapasimula na ang Milenyum.

106 Datapuwat naririto tayo ngayon sa isa sa pinakanakakatakot na panahong daraan na hindi pa dinanas ng sangkatauhan. At naghihintay lang ako sa oras na iyon — kung kailan tayo ay — ang lahat ay may pagkakataon,kung kailan ay makaliliban tayo sa ating mga trabaho at magawa nating gumugol ng ilang araw, at nang makapagtipon tayo sa isang lugar kung saan ay makapangungusap ako tungkol sa mga salot na iyon, pati na ang ibang mga bagay na darating sa mga araw na iyon, at maglaan ng mga dalawa o tatlong magkakasunod na linggo, at nang mapagsama-sama natin iyon, kung pahihintulutan ako ng Diyos na mabuhay pa upang maisagawa iyon at kung kakasihan niya ako na gawin iyon. Makikita natin kung paanong ang mga bagay na iyon ay maiuugnay sa mga Kulog na iyon, kung magkagayon ay matutuklasan ninyo kung ano ang mga napapanaginipan ng lalaking iyon at nang mga taong iyon pati na ang lahat nang mga bagay na iyon; mangyayari iyon. Kita n'yo? Mapapansin n'yo kung magkagayon kung ano ang ipinahayag nang mga iyon, ang dakilang Kulog na dumarating mula sa — mula sa kalangitan.

Ngayon. . . Anupa't kayong lahat, alam ninyo na alam ko kung ana ang — kung ano ang kahulugan no' n. Nakikita ba ninyo? At. . . datapuwat maghintay na lamang tayo hanggang sa dumating ang pagkakataong iyon (kita n'yo?) dahil iyon ay . . . ? . . . Ngayon . . . At higit iyong magiging napapanahon.

107 Ngayon . . .Kaya babasahin natin ang ilan sa mga ito — ang mga kasulatang ito. Ngayon, sa panggabing Liwanag na darating. . . Ngayon, mapapansin natin na dapat ay iyon din ang Liwanag na nasa umaga, 'pagkat hindi iba ang araw na sumisikat sa umaga sa araw na sumisikat sa hapon. Iisang araw iyon; ang araw na sumisikat sa hapon ay siya ring araw sa umaga, iisa ang araw sa umaga at sa hapon. Ngayon, ang sabi nito ang araw daw, sa pagitan nang oras na iyon ay magiging tulad sa isang — oh, isang — tulad sa isang makulimlim, madilim na araw, hindi matawag na araw o gabi kundi sa pagitan niyaon.

108 Kita n'yo, ganiyan mabubuo ang Katawan, mula sa paa pataas.

Noong naririto Siya sa lupa, Siya ay isang Anak, ang wangis nito. Pagkatapos ay pinatay Siya. Humalili ang Iglesia sa Kaniya sa pagkamartir, at dumaan sa mga Panahong Madilim, at nagpasimulang magtayo sa ibabaw ng patibayan sa paglabas nito. Kung gayon saan nagmumula ang paningin? Sa pinakaulo. Nakikita ba ninyo ang pangitain ni Nabucodonosor? Nakikita natin Siya na bumababa mula sa pasimula ng kapanahunan ng mga Hentil bago pa mabubo ang Dugo para sa kanila at makapaghain ng pampalubag loob. Sila ay mga tagasunod Niya. Ngunit pansinin ninyo na ito ay bumaba, pababa nang pababa, hanggang sa pinakaibaba sa anyo ng simbolo (kita n'yo?), bumaba iyon, pagkatapos ay nagpasimulang magbalik, bumabalik, ang Iglesia ay nagbabalik mula sa mga paa, pataas. Ngayon ay panahon na ng ulo — panahon ng ulo.

Ngayon, pansinin ninyo ang Liwanag . . .

109 Hindi ka nakakakita sa Pamamagitan ng iyong mga kamay, bagama't bahagi iyon ng katawan. Hindi ka nakakakita sa pamamagitan ng iyong mga tainga, bagama't nakaririnig iyon. Hindi ka nakakakita sa pamamagitan ng ilong, bagama't nakaaamoy iyon. Hindi ka — hindi ka nakakakita sa pamamagitan ng iyong mga labi, bagama't nakapagsasalita iyon. Kita n'yo? Iyon ang kapanahunang Pentecostal. Ngunit ngayon, ita na ang kapanahunan na ng mata, ang paningin. Kita n'yo? Ngayon, wala ng isa mang bahaging gumagalaw paglampas sa mata. Tama ba iyon? Ang kasunod ay ang katalinuhan na walang iba kung hindi si Cristo Mismo, na Siyang nagpapakilos sa buong katawan. Wala ng kumikilos sa taas niyon. Kita n'yo? Ang lahat ng iba ay kumikilos Kita n'yo? Nakikilos ninyo ang inyong mga paa, naikikilos ninyo ang kalamnan ng inyong mga binti, naikikilos ninyo ang lahat ng bagay, naikikilos ninyo — ang inyong mga tainga, naikikilos ninyo ang inyong ilong, ang — mga labi, at iba pa, ngunit sa itaas ng inyong mata ay wala nang bahaging gumagalaw. Kaya sinasabi nila na madali raw mapanot ang isang tao, dahil (kita n'yo?) hindi na nae-ehersisyo ang mga bahaging iyon ng — ng buhok at anit. Kita n'yo? At wala rin itong sapin upang mapapanhik ang dugo roon. Hindi mabobomba roon ang dugo (kita n'yo':' hindi makapapanhik upang magdala doon ng dugo, anupa't ang — ang ugat ng buhok ay nabubuhay dahil sa dugo. At ngayon, makikita natin na ang bahaging iyon (kita n'yo?) . . . Wala nang iba pa sa itaas ng mata.

110 Ngayon tuklasin natin. Magliliwanag sa katang haliang tapat ba? Sa panahon ng gabi. Bakit ba nagpapadala ng liwanag? Para mo makita kung saan ka — para ka makakilos. Tama ba iyon? Para makita mo kung nasaan ka na. Magliliwanag pagsapit ng gabi.

Ngayon, kunin natin iyon ngayon at ihambing iyon dito sa Malakias 4. Ipinangako Niya na muling darating ang Liwanag sa panahon ng gabi. Kita n'yo? "Sapagkat narito, isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta, at kaniyang panunumbalikin ang — ang mga anak sa mga magulang, at ang mga magulang sa mga anak (tama ba iyon?), baka ako ay dumating at hampasin ang lupa ng sumpa." Ngayon, kunin natin ang Juan — o ang San Lucas 17:30 at masdan natin kung ano ang inihula ni Jesus doon, na nagsasabing, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma,ay gayon din naman . . . "Ngayon alalahanin . . .Pansinin. Ito'y magaganapsa panahong ang Anak ng tao ay maihahayag. ang paghahayag ng Anak ng tao. Ngayon, ang Anak ng tao kung tutuusin ay potensiyal nang naihayag sa loob ng ilang sandali, bago masunog ang Sodoma. Ngayon, ang Lalaking iyon ay si Elohim. Ang Diyos iyon, at si Jesus ay Diyos. Ang Diyos ay potensiyal na naihayag doon sa loob ng ilang sandali ng Siya'y makipagusap kay Abraham sa panahon ng pagsisiyasat para sa kahatulan, sa loob ng ilang saglit. Ang Anak ng tao ay.N naipahayag, ang Anak ng tao na si Elohim. Nakikita ba ninyo ito, iglesia? Ang Anak ng tao, si Elohim, ay nahayag sa loob ng ilang sandali, dahil. kinaumagahan din ay nasunog iyon. Kailan? Bago pa muling sumikat ang araw. Kaya wala ng maaari pang maiwang organisasyon, wala nang higit pang pagsulong na maaaring maganap maliban sa kasalukuyang nagaganap ngayon, dahil masusunog na siya bago pa magbukang-liwayway. Tapos na ang revival sa buong bansa. Wala nang mangyayaring revival. Ang isang malawakang revival, hindi na mangyayari ito sa bansang ito. Maaari kayong magkaroon ng mga intelektuwal na pagtitipon, ngunit ang tinutukoy ko ay isang Espirituwal na revival. Nakita na natin ang lahat ng iyon. Umaasa ako na nasasapo ninyo ito. Ipinangungusap ko ito sa paraang— inaasahan kong mauunawaan ninyo. Kita n'yo? Tapos na. Isang butihing ministro ang nagsabi kani-kanina lang, ang sabi,"Brother Branham, kung

mapapasa puso ko lang sana ang galak ng Panginoon.”

Ang sabi ko, “Anak, tapos na ang revival.” Kita n'yo?

111 Ngayon,ang mga pampatibay ay naikabit na sa daong. Ang mga naglalakihan at nakatatakot na alon ay nasa ating harapan, ngunit nalalaman natin na sa likuran langng along iyanay papalapit na tayo sa dalampasigan. Kitan'yo? Papalapit na tayo sa dalampasigan. Manatili lamang kayong matatag. Manatili lamang sa Salita, manatili kayo sa Diyos. Kahit ano pa ang maramdaman ninyo, o ano pa man iyon, manatili kayo sa Salita. Hayaan n'yo — hayaan n'yong manatili itong matibay. Kapag nakita ninyo ang mga naglalakihang ulap sa paligid natin, at ang mga bagyo ay paparating, gayon din ang mga bomba atomika, at lahat ng iba pang bagay na pinaguusapan nila, datapuwat ang pampatibay ay nakatutok na matuwid sa Salita. Sinabi ng Diyos na darating iyon; at lulutang tayo sa ibabaw ng bawat isa sa mga iyon. Siyanga! Malalampasan natin ang mga iyon. Oo, nga! Sila — hindi nila tayo kayang palubugin; hindi nila tayo kayang lunurin. Ilagay mo kami sa libingan; muli kaming babangon. Iyon lang. Walang paraan sa mundo upang pigilan tayo roon. Malalampasan nating lahat ang mga iyon, 'pagkat ang ating dakilang Hepeng Kapitan ay tumatawag sa kabilang baybayin. Si Jesus ang angkla, Bagyo'y masusuong; Si Jesus ang angkla, Hindi mangangamba;

112 Ano man iyon, hayaan mong dumating iyon, kahit ano pa iyon,ano man iyon,wala iyon kaibahan, dahil nakaangkla tayo kay Jesus. Kung ako ay mabubuhay, mabubuhay ako sa kaluwalhatian ng Diyos. Kung mamamatay man ako, mamamatay ako sa kaluwalhatian ng Diyos. Nana — nais ko lang . . . Tanging — tanging para sa kaluwalhatian ng Diyos, iyon lang ang nais kong gawin. Kapag natapos ng lahat iyon. ayaw ko nang manatili dito. Nais kong magtungo kung saan — kung saan naroon ang aking gantimpala na Kaniyang binili para sa akin, hindi kung ano ang pinagtrabahuhan ko, kung hindi kung ano ang binili Niya para sa akin, na ipinagkaloob Niya sa akin sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya.

113 Kaya't nakikita natin na naririto na ang panggabing Ilaw. At anong silbi ng Ilaw, kung wala ka namang mga mata para ka makakilos doon? Ano ba ang panggabing Ilaw? Ang Ilaw ay dumarating upang maghayag ng Isang bagay. Tama ba 'yon? Kung may isang bagay ka ritong nararamdaman at hindi mo maunawaan kung ano iyon sa dilim, kung gayon ay magsindi ka ng ilaw. Ito'y upang maghayag. Ano ang gagawin ng Malakias 4? Kita n'yo? Gayon din ang gagawin nito. Ano ang gagawin ng pagbubukas ng Pitong Tatak? Ano ba ang dahilan at kakapa-kapa ang mga denominasyon Tungkol dito . . . ? . . .? Iyon ay upang ihayag, ilabas. Kung wala kang mata, ay ano ang silbi ng paghahayag? Kailangan muna ang mga mata para makakita. Tama ba 'yon? Upang ihayag ang Malakias 4, ihayag ang Lucas 17:30, San Juan 14:12, gayundin ang Juan 15:24; 16:13 at upang ihayag din ang Apocalipsis 10:1-7, ang pagbubukas ng Pitong Tatak at ng Mensahe ng Ika-Pitong Anghel, upang buksan, ihayag kung kailan dumating ang panggabing Ilaw.

Ngayon, kung ang isang tao. . .

114 Sa Kapanahunang Laodicea, ay ano ba ang lagay ng mga tao? Hubad. Gayon nga ba sila? Bulag. Anong buti ang magagawang ilaw sa isang taong bulag? Kung aakayin ng bulag ang kapuwa bulag, hindi ba't kapuwa sila mahuhulog sa hukay? Hubad, bulag at hindi nila nalalaman na sila'y gayon. Maging ang kanilang katinuan ay nawala na, ang mga espirituwal nilang mga pandama ng pangkaisipan nilang — espitituwal nilang pang-unawa. Kita n'yo? Mayayabang, mapagmalaki, maibigin sa kalayawan kaysa maibigin sa Diyos, mapanira sa kasunduan, palabintangin,walang pagpipigil sa sarili, mapanghamak ng mabubuti, may anyo ng kabanalan ngunit itinatanggi ang kapangyarihan nito (ang kapangyarihan ng kapahayagan, ni hindi nga sila naniniwala rito. Kita n'yo?) . .. Hindi sila naniniwala sa mga propeta, kaya't . . . Hindi sila naniniwala ro'n. Ang paniwala nila ay — ang Malakias 4 ay isang iglesia o organisasyon. Nang una siyang maparito, isa siyang tao. Nang maparito siya sa ikalawang pagkakataon taglay ang dobleng bahagi, isa siyang tao. Nang maparito siya sa panahon ni Juan Bautista, isa siyang tao. Kita n'yo? Sa huling mga araw, kapag ang mga panggabing Ilaw at — ay nagsimulang magliwanag, mabubuksan ang mga mata at makikita mo kung saan ka patutungo. Kung magkagayon ay buo na ang Katawan, nakatayo na sa mga paa nito, gumagalaw na, kumikilos sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ano? Yaon ding kumilos sa mga propetang sumulat sa Biblia, ang siya ring Espiritu Santo na kumikilos sa isang Katawan, puspos ng Espiritu Santo, kumilos sa Espiritu Santo palabas sa bawat organisasyon at bawat lahi, wika, at lipi.

115 May isang binibini rito, hindi siya kabilang sa organisasyong ito (sa organisasyong ito) — kabilang sa kongregasyong ito. Taga ibang lugar siya, at pagpasok niya kaninang umaga, kumuha siya ng litrato roon. Siya ay — ibinigay niya iyon sa anak ko, labis siyang nanggilalas. Hindi ko alam kung nabalitaan niya ang tungkol dito o hindi. Hindi ko alam o Nakunan niya ng litrato ang Anghel ng Panginoon na nasa Pitong Kapanahunan ng Iglesia — Pitong Tatak nang mabuksan iyon doon. Nang mangyari iyon, ang sabi, “Tumingin ka roon” at nakita niya iyong nakatayo sa langit saN isang panaginip. At tumingin siya roon at nakita niyang — nakakita siya ng isang taong nakaputi na nagmamartsang pasulong at sa likuran niya. Ang sabi ay parang — ang sabi, “Brother Branham, ikaw iyon.” At ang sabi ay nagmamartsa raw doon, at ang sabi, “Sa likuran mo ay may nakasunod na napakaraming tao na iba't-iba ang kulay at may dalang

mga baner, Georgia, Alabama, iba't-ibang lugar, nagmamartsang pasulong, patungo sa pagkapangulo kung saan ay naihahayag si Cristo sa isang pangitain. O, Aleluia!

116 Nasa huling mga araw na tayo, at nasa mga huling oras na ng araw.

Nakikita n'yo na ba Siya sa Kaniyang Sariling Salita, at ang kabuuan ng Kaniyang Salita na naipamamalas sa harapan natin? O Iglesia ng Buhay na Diyos, tumayo kayo sa inyong mga paa. sampalatayanan Siya nang lubusan. Hawakan n'yo ang munting Gulong na iyon sa gitna ng Gulong; hayaan n'yong pagtibayin Niyon ang bawat kilos at bawat galaw ninyo. Bawa't kaisipang nasa

inyo, nawa ay mapamahalaan iyon ng Kapangyarihang iyon na nasa kalooban ninyo, dahil ang Diyos ay naririyan mismo sa Salita Niya para sa oras na ito, sa panggabing Ilaw, ipinakikita ang Ilaw.

117 Ang pagkabulag ng paniki, maaari ninyong buksan ang ilaw, at ang paniki — paniki ay magiging napaka-bulag na hindi siya makalipad. Ang isang kuwago, ang mga panggabing hayop na iyon. at ang iba pang mga bagay na iyon, mga ipis, at iba pang bagay, hindi sila makakita sa araw. Wala silang kamalayan doon. Hindi sila makakita. At ang mga panggabing Ilaw ay nagsindi na. Bawat talinghaga, saan mang kalikasan tayo magtungo, sa Biblia, sa mga estatwang nakita ni Mel — ni Daniel at — at ang hari ng araw na iyon, lahat sila'y nakakita, at lahat ng mga bagay na ito, bawat tao, bawat anyo, bawat kilos, bawat bahagi ng Katawan, ay nagpapakita sa atin ng pinaka oras na kinabubuhayan natin. Wala nang iba pang kilusan ang maaaring higit pang tumaas kaysa rito. Dumaan na ang pagkilos ng kamay, ang pag-ibig, si Wesley. Dumaan na ang pagkilos ng patibayan, si Luther. Pag-ibig. . . "Wala nang hihigit pa," ang naging bansag dito. Ang kilusang Wesley, nagsugo sila ng mga misyonero sa buong mundo. Ang isa sa pinakadakilang kilusang naisagawa sa — sa kapanahunang nauna roon. Pagkatapos ay dumating ang kapanahunan ng Pentecostal. pagkatapos ay pumasok ang iba't-ibang mga daliri at mga bagay-bagay ang Pentecostal na kapanahunan ng mga wika, at ng ilong, at iba pa. Ngayon naman ay nasa mga mata na tayo. Anong silbi ng mata, o ng Ilaw. kung wala namang mga mata roon na makakikita. Kailangang magkaroon muna ng mga mata para makakita, at pagkatapos, kapag dumating na iyon, ay binuksan Niya ang Pitong Tatak, at hinayag Niya ang panggabing Ilaw, kinuha ang lahat ng mga hiwagang natago sa loob ng mga nagdaang kapanahunan sa iglesia, at ngayon ay hinayag ang mga iyon gaya ng ipinangako Niyang gawin sa Apocalipsis 10: 1-7. Naririto tayo ngayon sa kalagitnaan ng Salita, at ang Salita ay ipinahahayag sa atin ni Jesus Cristo. Kung magkagayon ay ito ang Salita ng Diyos.

118 At bilang mga sakop Niya, dapat tayong lumakad nang malapit sa May Akda upang maunawaan Ito, upang makapagpahayag Ito. "O Panginoon, ano ang nais Mong — nais Mong gawin ko? Ako ba'y kailangang pumaroon sa bukirin at mangaral ng Ebanghelyo, o dapat ba akong tumigil sa bahay? Ano man iyon. Kung kailangan kong maging mabuting ginang ng tahanan . . .Kung kailangan kong maging isang mabuting ina . . . Kung kailangan kong gawin ito, iyon, o ang iba pa, ano man iyon . . . kung kailangang maging isa akong magsasaka . . .kung ako'y . . .Ano man iyon,Panginoon, ano ang nais Mong gawin ko?"

Hindi ba't iyon ang isinigaw ni Saul noon, "Panginoon, ano ang nais Mong gawin ko?" Siya noon ay patungo sa — patungo siya roon upang ipakulong ang buong iglesia, ngunit sumigaw siya, "Ano ang nais Mong gawin ko?" nang magsindi ang Ilaw sa anyong Haliging Apoy sa itaas niya, "Ano ang nais Mong ipagawa sa akin?"

Sa palagay ko ay napakagandang pangwakas na pangungusap niyan, at sabihin natin, "Panginoon, ano ang nais Mong gawin ko? Kapag nakikita ko ang Kasulatan na buong kasakdalang naipapahayag ngayon, Panginoon, ano ang nais Mong gawin ko?"

Iyuko natin ang ating mga ulo.

119 Hinihiling ko sa bawat isang naririto na saliksikin ninyo ang inyong mga puso ngayon at itanong ninyo ang katanungang ito, "Panginoon, ana ang nais Mong gawin ko? At kayong mga nasa telepono, kung naririyan pa rin kayo sa kable ng telepono sa buong bansa, iyuko ninyo ang mga ulo ninyo at magtanong, "Panginoon, ana ang nais Mong gawin ko, yamang naririto na kami sa mga huling araw at sa mga huling oras, na akmang-akma sa aming harapan, napakalinaw na naipahahayag. Ano ang nais Mong gawin ko?"

120 At mahal na Diyos, habang tinatanong Ka nilang gayon, ako man ay nagtatanong sa Iyo: Ano ang nais Mong gawin ko, Panginoon, yamang napagtatanto ko na mahalaga ang bawat araw. At idinadalan~in ko n~ tulungan Mo ako, Panglnoon, na mabuhay upang ang bawat araw, ay maibilang para sa Iyong karangalan at kaluwalhatian. Dalangin ko na tulungan Mo ang bawat isa sa buong bansa, pati na ang mga naririto sa Tabemakulo,habang sinasaliksiknaminang aming mga puso,at sinasabing, "Panginoon, ana ang nais Mong gawin ko? Ano ang maaari kong gawin, Panginoon, upang mapalawig ang Iyong kaharian at ang Iyong layunin." Itulot Mo po ito, Diyos. Siyasatin Mo kami - ang aming puso at subukin Mo kami; kung mayroong kalikuan sa amin, Panginoon, anumang pagkamakasarili, anumang masasamang motibo o hangarin, o Diyos, linisin Mo kami sa pamamagitan ng Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo, na . . . Buong pagpapakumbaba naming tinatanggap ang Kaniyang pampalubag-Ioob ng Kaniyang pagkamatay at muling pagkabuhay. At yamang inaring-ganap sa paniniwalang ginawa Niya iyon, malugod naming

tinatanggap ang piano ng pagliligtasna ipinagkaloobMo sa amin oAma, pinasasalamatan Ka namin dahil sa Iyong Mensahe sa kaarawan namin, na siyang pinaniniwalaan namin, at siyang pinanghahawakan namin, alam namin at pinaniniwalaan namin na Ito ay Salita Mo at Mensahe Mo. Hindi lang para maiba kami sa ibang mga tao, kundi dahil nagsisikap kami na higit na maging katulad ni Jesus Cristo na siyang aming halimbawa.

121 Mahal na Diyos, nakalapag dito ang mga panyo, napakaraming may sakitsa lahat ng dako. At ako mismo, Panginoon, ay pagal at pagod na pagod na sa umagang ito. Dalangin ko na tulungan Mo kami, mahal na Diyos. Sa Iyo kami nanghihingi ng kalakasan. Ikaw ang aming Kalakasan. Natulungan Mo na ang napakaraming tao, mahal na Diyos.

Noong isang araw, habang ako'y nag-iisip doon sa kagubatan, naglalakad ako kasama si Brother Banks Wood, nang ang mga duk-tor. . .Napakasama ng kundisyon ng puso niya at ni hindi siya makalakad. At isipin na lang kung paano kong - wala akong kamalay-malay na doon sa itaas, habang naglalakad ako roon, pagkatapos ng pangitaing iyon, "kailangang mahuli ko ang leong iyon. Kailangan kong mapatay ang leong iyon." At habang palusong kami roon at habang nakatayo kami roon sa Tucson, sa Furr's Cafeteria, at nakita ko ang mga damit niya na nagluluwagan, at ang mga mata niya ay malamlam, ang sabi ko, "Diyos, kung nagawa Mo akong bigyan ng pangitain tungkol sa kinaroroonan ng leon, maipapakita Mo rin sa akin ang tungkol kay Brother Wood." At dumating iyon, "Ipatong mo ang kamay mo sa kaniya." At naririto siya ngayon, nakabalik na siyang muli, ang ating Brother Banks, malakas, nagtatatakbo na naman sa kabundukan. Pinasasalamatan Ka namin, mahal na Diyos. Ikaw ang iisang Diyos sa lahat sa amin gaya ng Ikaw ay Diyos kay Brother Wood. Alam kong mahal Mo siya, sapagkat siya ay lingkod Mo, tapat, at totoo.

122 At dalangin ko, mahal na Diyos, na makitungo Ka sa bawat isa sa amin, at patawarin kami sa aming mga pagkakasala, at pagalingin Mo ang mga karamdaman ng aming katawan. Gawin Mo kaming higit na katulad Mo sa bawat araw, Panginoon, hanggang sa marating namin ang kabuuan ng sukat ng wangis ni Cristo. ltulot Mo po..ito, Panginoon. Umaasa akong nasaliksik Mo na ang bawat puso ngayon at alam na namin kung ano ang dapat gawin. Hinihiling namin sa Iyo na pagpalain Mo kami ngayon, sa Ngalan ni Jesus.

123 At habang nakayuko tayo, mayroon bang naririto ngayon o maging sa mga nasa —sa mga telepono sa buong bansa, na nagnanasa, habang na nanalangin kayo, nakayuko, itaas lang ninyo ang kamay ninyo sa Diyos ngayon. Iyan lang ang magagawa ninyo, napakaraming tao rito sa umagang ito. Itaas lang ninyo ang kamay ninyo sa Diyos, at sabihin, "Diyos, gawin Mo po akong higit na katulad ni Jesus. Na — na — nais kong maging katulad ni Jesus." Pagpalain kayo ng Diyos. Hanggang sa labas, sa buong bansa, ang mga kamay ay nakataas sa bawat dako, isang buong masa. At ang akin ay nakataas din. ''Nais kong maging tulad Niya. Siyasatin Mo ako, Panginoon, at tingnan Mo kung mayroong anumang kasamaan sa akin; alisin Mo po iyon. A — ang nais ko po

ay kung ano ang . . ." May hangganan ang pagtigil natin dito, at tayo'y lilisan ikaw man ay — ikaw man aymaging ano.ka man, gaano ka man kayaman, gaano ka man kahirap, gaano man kabata, gaano man katanda.

124 Nakatayo ako roon kahapon sa isang — isang grupo ng mga tao doon sa itaas ng bundok doon sa — sa ilog, may isang maliit na pamilya roon, isang lalaki na matagal ko nang kinakausap tungkol sa Diyos, lumusong siya kasama ang kaniyang asawa, pito o walong anak, napakapayat niya, naroroon siya at nagsisikap maghanap-buhay, kumita ng dalawang dolyar bawat araw. At may nagpaupa sa kaniya ng isang munting dampa, at naroon ang asawa niya, malapit na namang manganak; at mayroon siyang malaki at malapad na palakol, at nagsisibak siya ng kahoy at pagkatapos ay hinahatak iyong palusong, kilik ang sanggol sa isang balakang at hinahatak ang kahoy sa kabila, lumulusong upang sibakin ang kahoy na iyon upang makapag delata ng blackberry para huwag silang magutom sa panahon ng taglamig. . . Naku, awang-awa kami sa kaniya, at kinuhil namin ni Brother Wood ang truck, at nagpunta kami roon, at sinibak namin ang kahoy niya, at saka namin isinilong iyon. Gayon na lamang ang pasalamat ng babaeng iyon, nakatayo siya roon. Awang-awa ako sa kaniya, at patuloy kaming nanalangin para sa kanila.

125 At nagkasakit ng epilepsy ang sanggol niya. Pumaroon kami at ipinanalangin namin ang sanggol, at pinagaling siya ng Diyos. At nung isang araw ay nagkasakit ng hernia ang asawa niya at nagpunta siya sa . .. Noon ko pa siya kinakausap. Naninigarilyo siya, pareho sila. Nagtatabako siya at ganoon din ang asawang lalaki, mga tipikal silang taga-bundok. At patuloy akong nangusap sa kanila tungkol doon. At kahapon ng umaga nang pumasok ako nang magliwanag na, lumabas siya roon, magkasalikop ang mga kamay at ang sabi, "Brother Billy, nagbago na ako." Ang sabi niya, "Nahithit ko na ang huling sigarilyoko, at nasa panig na ako ng Panginoon." Ang sabi ng babae, "Huling sigarilyo ko na rin iyon." o, itanim ninyo ang binhi, "Akong Panginoon ang nagdidilig . . .dinidilig Ko iyon araw at gabi, baka may bumunot niyon sa Aking mga kamay."

126 O, Diyos, mahabag Ka sa amin ang dalangin ko, at ipagkaloob Mo po sa amin ang nasa ng aming puso, 'pagkat sa puso namin ay nais Ka naming paglingkuran. Ngayon, Ama, nasa kamay Mo sila, sa lahat ng dako. Mga anak mo sila, pakitunguhan Mo sila ayon sa iyong habag, Panginoon, hindi sa kahatulan, kundi sa habag, hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

127 Mahal n'yo ba Siya? Taos sa inyong puso . . .Ngayon, kayong may mga panyo, maaari na ninyong kunin ang mga iyon. At ngayon, ang mga gawain natin, sa palagay ko ay magsisimula ang mga iyon ng maaga-aga, ika-7:00 o mga gano'n. Iaanunsiyo sa inyo ni Brother Neville, sa loob lamang ng isang minuto, kung anong oras magsisimula. At may bautismo yata, sa umagang ito? Handa na ang tubig at kung mayroon ditong hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, aba, tiyak na — handa na ang tubig para sa gawaing-bautismo.

128 Pinahahalagahan namin ang lahat ng mga kapatirang ministro. Nakikita ko si Brother. . . Kumusta ang gawain ninyo, mabuti ba? Si BrotherParnell, at si Brother Martin at, o, napakarami nila rito, si Brother Lee Vayle . . . O, napakaraming ministro sa lahat ng dako. Totoong pinagpapahalagahan namin ang pagdalo ninyo, ang pakikisama ninyo sa amin dahil sa Salita.

129 Marahil ay hindi kayo lubos na makasang-ayon sa akin tungkol dito. Hindi namin hinihinging gawin ninyo iyon. Nakikita ba Ninyo? Ang hiling ko lang ay pag-aralan ninyo ito. Kung may sasabihin kayo sa akin ay pag-aaralan ko rin. Kung makukuha ng mga ministro ang teyp at sasabihin nila, “Buweno, hindi ako sang-ayon sa. ..” Walang anuman iyon, kapatid ko, marahil ay isa kang — nagpapastor ka ng mga tupa, pa — pakanin mo lang sila ng anumang naisin mo. Sinisikap kong gawin ang magagawa ko upang makapanatili ako sa Salita para sa mga ito na ipinagtiwala ng Diyos sa aking mga kamay, 'pagkat ang gustong tupa ay pagkainng tupa. Anupa't, “Dinidinig ng Aking Tupa ang Aking Tinig.” At iyan ang . . .Namumuhay tayo sa bawat Salitang lumalabas . . . Hindi lahat . . . Hindi lamang isang salita paminsan-minsan, kundi bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos. Iyan dapat ang ipamuhay ng bawat banal. Magsitayo tayo ngayon sa ating mga paa. Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo . . . Brother Neville, mayroon ka bang nais sabihin? Kita n'yo? Brother Mann? Mabuti. Lahat ng mabuti ang pakiramdam, sabihin n'yo, “Amen!” [Sumagot ang kongregasyon ng, “Amen!”-Ed.] Ngayon, magsiyuko tayo. Hihilingan ko si Brother Lee Vayle, kung magagawa niyang pumanhik dito o — magagawa niya. Kung magagawa mong pumarito, Brother Vayle, kung maaari . . . Si Brother Vayle ay kapatid nating narito, isang manunulat ng mga aklat. At ihinahanda na niya ngayon ang aklat na, Ang PitongKapanahunan ng Iglesia at kasalukuyan niyang ginagawa ang Pitong Tatak. At umaasa tayong mailalabas na natin iyon kaagad. Mabuti. Brother Lee Vayle, Pagpalain ka ng Diyos.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7